
I
1

CHRISTIAN LIFE PROGRAM

# Ang Iyong Bagong Buhay



INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

# ...ang iyong

# BAGONG BUHAY

**By L. Jeter Walker**

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE
INSTITUTE
PHILIPPINE NATIONAL OFFICE
P.O. Box 1084, Manila


© Copyright, 1969
by the International Correspondence Institute
Springfield, Missouri 65802

CL 1110-TA

# MGA NILALAMAN


| Aralin | | Pahina |
|---|---|---|
| | Mag-usap Muna tayo . . . . . . . . . . | 5 |
| 1 | Simula Ng Isang Bagong Buhay . . . . | 9 |
| 2 | Natututo Kang Lumakad . . . . . . . . | 23 |
| 3 | Ang Iyong Ama Ay Nagsasalita Sa Iyo . | 39 |
| 4 | Nais Mo Bang Lumago. . . . . . . . . . | 55 |
| 5 | Bagong Buhay-Bagong Gawain . . . . . | 67 |
| 6 | Ang Bago Mong Pamantayan . . . . . . | 86 |
| 7 | Mayroon Kang Katulong . . . . . . . . | 95 |
| 8 | Ang Buhay Mo'y Isang Ilaw . . . . . . . | 107 |
| 9 | Ang Pagkakaroon Ng Isang Maligayang Tahanan . . . . . . . . . . . . . . . | 124 |
| 10 | Ang Iyong Bagong Kalayaan . . . . | 137 |

# MAG-USAP MUNA TAYO



Mag-usap muna tayo, bago mo simulan ang pag-aaral. Ito'y isang tanging aralin na tutulong sa iyong pag-aaral ng Biblia saan ka man naroon. Ito ang iyong guro, magtuturo saka magtatanong tungkol sa aralin. Papatnubayan ka nito sa bawa't aralin.

Ito ay isang maliit na aklat-aralin na madadala mo kahit saan at mapag-aaralan anumang oras na ikaw ay may pagkakataon. Sikapin mong makapagtakda ng ilang minuto araw-araw upang ito'y iyong mapag-aralan.

Ang aklat na ito ay isinulat bilang isang aklat-sanayan. Kapag ito ay ipinahiram sa iyo, o kaya nama'y muling gagamitin, mangyari lamang na isulat ang iyong mga sagot sa isang kuaderno.

## Ang Gagawin Mo

Piliin ang tamang sagot, o tamang wakas ng pangungusap, at lagyan ng X sa tabi. Halimbawa:

1. Anong uri ng aralin ito?

__x__ a) tangi

_____ b) karaniwan

2. Ito'y aklat ng panturo na tutulong sa iyong

_____ a) pagtuturo ng isang klase.

_____ b) pag-aaral saan ka man naroon.

Bilang iyong guro ipaaalam sa iyo ng aklat na ito kung tama o mali ang mga sagot mo. Ang mga dapat mong isinagot ay:

1. a ) tangi 2. b) pag-aaral saan ka man naroon.

Ang mga tanong ay nasa buong aralin. Ang mga tanong at ang iyong mga sagot ay tutulong upang

- o huwag magliwaliw ang iyong isipan.
- o masukat ang iyong pang-unawa sa katapos mo lamang basahin.
- o ilagay sa iyong isipan ang mga mahahalagang puntos ng aralin.

Nasa ibaba ng bahaging *Ang Gagawin Mo* ang mga sagot. Huwag mong titingnan hanggang hindi mo naisusulat ang iyong sagot. Takpan ng papel habang pinupunan mo ang mga puwang, saka alamin kung tumpak ang mga sagot mo.

**Ang Gagawin Mo**

Piliin ang dapat maging wakas ng pangungusap na ito at lagyan ng X sa tabi.

5. Sa mga tanong at sagot dito'y

--------- a) masusubok kung naunawaan mo ang bagay na kababasa mo lamang.

--------- b) masusubok ang pangkalahatang kaalaman mo.

Sagot: 5., a) masusubok kung naunawaan mo ang bagay na kababasa mo lamang.

Paminsan-minsan, may ipagagawa sa iyo ang aklat na ito bukod sa mga pagsagot sa tanong. Sa pamamagitan ng pagsasanay na ito'y matututuhan mong mabuti ang aralin; kaya, tiyakin mong nagawa mong lahat ang mga ito.

**Ang araling ito'y tungkol sa iyo at sa iyong pamumuhay Cristiano. It o'y malaking tulong bukod pa sa pagpapalang matatamo mo gaya ng karanasan ng libu-libong nakapag-aral na nito. Nguni't makabubuti lamang kung gagamitin mo o isasakatuparan agad ang anumang iyong matututuhan.**

## Ang Iyong Talaan ng Mag-aaral

Kung ikaw ay nag-aaral upang magkaroon ng isang sertipiko, tinanggap mo ang isang hiwalay na libreta na tinatawag na Talaan ng Mag-aaral: Ang Iyong Bagong Buhay. May dalawang bahagi ang libretang ito. Ang buong aklat-patnubay ay magsasabi sa iyo kung kailan mo sasagutin ang mga bahaging ito.

Sundin ang mga tagubilin sa iyong talaan ng mag-aaral. Ipadala ito sa tanggapan ng ICI. Ang address ay iyong makikita sa ikalawang pahina ng aklat-aralin, o kaya'y sa talaan ng mag-aaral. Kapag ito'y iyong natapos, ikaw ay tatanggap ng magandang sertipiko.

### Panalangin

**Salamat sa Iyo, Diyos, dahil sa mga araling ito para sa aking bagong buhay. Tulungan Mo akong matutuhan ito. Gamitin Mo ito sa ikauunlad ko bilang isang Cristiano. Sa Pangalan ni Jesus, Amen.**

*UNANG ARALIN*

# SIMULA NG ISANG BAGONG BUHAY



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

**Ano Ang Nangyari?**

**Bagong Buhay Kay Cristo**

**Anong Uri Ng Buhay?**

**Ano Ang Dapat Mong Gawin?**

**Ang Iyong Bagong Pamilya: Ang Iyong Ama**

**Ang Iyong Bagong Pamilya: Ang Nakatatandang Kapatid na Lalaki**

**Ang Iyong Bagong Pamilya: Ang Espiritu Santo, Ang Iyong Katulong**

**Ang Iyong Bagong Pamilya: Ibang Mga Cristiano**

## Ano ang Nangyari

Nang tanggapin mo si Jesu-Cristo bilang iyong Tagapagligtas, ito'y simula na ng isang bagong buhay. Siya ang Tagapagbigay ng buhay-- kahanga-hanga, sagana, at maligayang buhay na di-natatapos. Isinuko mo ang iyong buhay na puno ng kasalanan at kabiguan, at pinalitan Niya ng buhay na makapagtatagumpay sa kasalanan. Pinasimulan mo na ang buhay na punong-puno ng mga karapatan bilang anak ng Diyos.

### Ang Gagawin Mo

Piliin ang tamang sagot at lagyan ng X sa tabi.

1. Saan galing ang iyong bagong buhay?

------ a) sa pagsisikap na maging Cristiano
------ b) kay Jesu-Cristo, ang Tagapagbigay ng buhay.
------ c) sa pag-anib sa Iglesya

Takpan ang sagot habang sinusulat mo ang iyong sagot.

Sagot: 1. b) kay Jesu-Cristo, and Tagapagbigay ng buhay.

## Bagong Buhay Kay Cristo

May bagong buhay ka sapagka't nasa iyo si Jesus. Ang Salita ng Diyos, ang Biblia, ang nagsa sabi sa iyo nito.

> "At ito ang hiwaga: sumainyo si Cristo at dahil dito'y nagkaroon kayo ng pag-asang makapiling ng Diyos doon sa kaluwalhatian." Colosas 1:27.

Ang mga talata sa aklat na ito ay kinuha mula sa Tagalog Popular Version New Testament at sa unang salin sa Tagalog na Biblia (King James Version). Ang katabing guhit na kulay-abo ay makatutulong sa iyo upang makita mo agad ito. Ang mga reperensiya sa hulihan ng bawa't talata ay magsasabi sa iyo ng katatagpuan nito sa iyong Biblia.

### Ang Gagawin Mo

Lagyan ng X ang tamang sagot.

2. Saan mo matututuhan na ang bagong buhay ay mula kay Cristo?

-------- a) sa Biblia, ang Salita ng Diyos

-------- b) sa siyensiya

-------- c) sa iba't ibang relihiyon

Sagot: 2. a) sa Biblia, ang Salita ng Diyos.

## Anong Uri Ng Buhay?

Nagiging Cristiano ka dahil kay Cristo na nasa iyo. May mga taong nag-aakalang ang buhay Cristiano'y pananatili sa bilangguan at nakaiinip. Nguni't nagkakamali sila: Ang iyong bagong buhay kay Cristo ay higit na masagana, at maligaya kaysa anumang pinangarap mo.

### Ang Gagawin Mo

Lagyan ng X ang tamang sagot:

3. Nang tanggapin mo si Jesu-Cristo bilang iyong Tagapagligtas, napasimulan mo ang isang buhay na

-------- a) malungkot.

-------- b) higit na maligaya kaysa dati mong buhay

-------- k) parang nakabilanggo.

Sagot: 3. b) higit ma maligaya kaysa dati mong na buhay.

"Naparito ako upang ang mga tupa'y magkaroon ng buhay - isang buhay na ganap at **kasiya-siya** . Juan 10:10

**Ang Gagawin Mo**

4. Sauluhin ang sinabi ni Jesus sa Juan 10:10.

Lagyan ng X ang tamang sagot.

5. Naparito si Jesu-Cristo upang ikaw'y

---------- a) hatulan dahil sa iyong kasalanan

---------- b) bigyan ng masaganang buhay.

Sagot: 5. b) bigyan ng masaganang buhay.

Sa bagong buhay na ibinibigay ni Jesus, makasusumpong ka ng bagong kaunawaan, bagong palagay sa buhay, mga bagong hangarin, at bagong layunin sa buhay.

Wala na ang kapighatian ng kasalanan; pinatawad na ang iyong mga kasalanan. Naguumapaw sa puso mo ang isang bagong pag-ibig sa Diyos at sa kapuwa, kaya't may kapayapaan ka't kagalakan. May bagong pagpapahalaga ka sa mga bagay na mabuti at maganda, at bagong pagkadama sa pakikisama, kapangyarihan, at kabutihan ng Diyos. Ang mga bagong nasaing makalugod sa Diyos at makatulong sa kapuwa'y nagpapasimulang magbigay ng bagong tunguhin sa lahat ng gawain mo.



Higit ang ginawang pagbabago sa iyo ng Espiritu Santo, kaysa sa karanasan ng higad na naging paruparo. Ikaw'y hindi na tulad ng higad, na hinihila ang sarili habang buhay; binago ang iyong katauhan ni Cristo at binigyan ka ng bagwis sa iyong espiritu. Ipinanganak ka nang muli at hindi ka na makasalanan; ikaw ngayo'y anak ng Diyos.

## Ang Gagawin Mo

Lagyan ng X ang tamang sagot.

6. Alin sa mga ito ang mapapasa iyong bagong buhay?

------ a) bagong palagay sa buhay

------ b) higit na maraming salapi

------ k) ibayong katanyagan sa mga kaibigan

7. Kapag ikaw'y ipinanganak na muli, nagpapasimula ka ng isang buhay na

------- a) walang mga problema.

------- b) tigib ng pag-ibig sa Diyos at sa kapwa.

------ k) makagagawa ka ng balang maibigan.

Mga Sagot: 6. a) bagong palagay sa buhay
7. b) tigib ng pag-ibig sa Diyos at sa kapwa.

## Ano Ang Dapat Mong Gawin?

Bilang bagong-silang na sanggol sa pamilya ng Diyos, mararanasan mo ang magiliw Niyang kalinga. Dapat mo ring tanggapin ang mga inilaan Niya upang manatili kang malusog at malakas. Binigyan ka Niya ng isang bagong kalikasan at ganapin mo ngayon ang iyong bahagi upang mapaunlad ito.

Tutulungan ka ng aklat na ito upang mapaunlad ang iyong bagong kalikasan. Sa pag-aaral mo nito, matututuhan mo ang tungkol sa iyong bagong karapatan at pananagutan bilang anak ng Diyos. Tamasahin mong lubos ito habang narito ka sa lupa. At balang araw, kukunin ka ni Jesus upang pumiling sa Kanya sa tahanang panlangit, na makalilibong higit na kahanga-hanga kaysa anumang bagay sa sanlibutang ito.

### Ang Gagawin Mo

Lagyan ng X ang tamang sagot.

8. Tungkol saan ang aklat na ito?

--------- a) sa iyong buhay bilang kaanib ng iglesya

--------- b) sa bagong kalikasang ibinigay sa iyo ng Diyos

--------- k) mga tuntuning dapat sundin ng Cristiano

9 Pinag-aralan mo ang mga araling ito upang ikaw ay

-------- a) tumanggap ng katibayan.

-------- b) makatalakay sa relihiyon.

-------- k) magtamasa ng lahat ng karapatan bilang anak ng Diyos.

Sagot: 8. b) sa bagong kalikasang ibinigay sa iyo ng Diyos.
9. k) magtamasa ng lahat ng karapatan bilang anak ng Diyos.



Ang unang dapat mong gawin ay ang manatiling nakaugnay kay Cristo at magpakatibay sa buhay na ibinibigay Niya.

> Manatili kayo sa akin at mananatili ako sa inyo....sapagka't wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin. Juan 15:4, 5.
>
> Yamang tinanggap ninyo si Cristo Jesus bilang Panginoon, mamuhay kayo sa paraang karapat-dapat sa Kanya. Manatili kayo sa Kanya at isalig sa Kanya ang inyong buhay. Magpakatibay kayo sa pananampalatayang itinuro sa inyo, at laging magpasalamat sa Diyos. Colosas 2: 6,7.

### Ang Gagawin Mo

Lagyan ng X ang tamang sagot.

10. Ano ang pangunahing bagay na dapat mong gawin upang maging malakas na Cristiano?

---------- a) manatiling nakaugnay kay Cristo

---------- b) Sikaping tumulad kay Jesus

---------- k) kumilos tulad ng ibang Cristiano

Sagot: 10. a) manatiling nakaugnay kay Cristo.

## Ang Iyong Bagong Pamilya: Ang Iyong Ama

Ang Makapangyarihang Diyos na lumikha ng sandaigdigan ang magiliw mong Ama ngayon. Huwag mong akalaing Siya'y mahigpit at napakalayo. Nasa tabi mo Siya ngayon, at ibig Niyang tulungan ka sa iyong mga suliranin.

Ngayong ikaw'y anak na ng Diyos, nais ng Diyos na makipag-usap ka nang tapatan, sa Kanya, gaya ng isang anak sa kanyang mabait at maunawaing ama. Isangguni mo sa Kanya sa panalangin ang lahat ng bagay, araw-araw, anumang oras. Sabihin mo sa Kanya ang iyong suliranin. Pasalamatan mo Siya sa mga pagpapalang kaloob Niya. Pinagmamalasakitan ka Niya sa lahat ng bagay na may kinalaman sa iyo.

Hindi na kailangan ang maririkit na pangungusap o isinaulong dasal; sabihin mo lamangang nasa puso mo.

**Ang Gagawin Mo**

Lagyan ng X ang tamang sagot.

11. Sa bagong buhay na ito, ang Diyos ay

---------- a) isang katauhang napakalayo.

---------- b) isang magiliw na Ama.

12. Ano ang dapat mong gawin kung ikaw'y nananalangin?

---------- a) isaulo ang mga panalangin at ulit-ulitin

---------- b) makipag-usap nang tapatan sa Diyos gaya ng isang anak sa kanyang ama.

---------- k) Gumamit ng malalalim na salita at matatayog na pangungusap

Mga Sagot: 11. b) isang magiliw na Ama.
12. b) makipag-usap nang tapatan sa Diyos gaya ng isang anak sa kanyang ama.

## Ang Iyong Bagong Pamilya: Ang Nakatatandang Kapatid na Lalaki

Si Jesu-Cristo ang iyong Nakatatandang Kapatid na Lalaki sa pamilya ng Diyos. Mahal na mahal ka Niya kaya't namatay Siya upang maligtas ka.

Nais Niyang tulungan kang magkaroon ng isang masayang buhay na nakapagtatagumpay sa kasalanan. Pasalamatan mo Siya ngayon dahil sa pagliligtas at pagtulong sa iyo sa bawa't araw.

**Ang Gagawin Mo**

Lagyan ng X ang tamang sagot.

13. Sa bagong buhay na ito, si Jesu-Cristo ay iyong

--------- a) Tagapagligtas at Nakatatandang Kapatid na Lalaki.

--------- b) Marahas na hukom.

Sagot: 13. a) Tagapagligtas at Nakatatandang Kapatid na Lalaki.

## Ang Iyong Bagong Pamilya: Ang Espiritu Santo, Ang Iyong Katulong

Ang Espiritu Santo, Ikatlong Persona sa Trinidad, and Siyang gumawa sa iyo ng mahiwagang himala ng bagong kapanganakan. Binago Niya ang makasalanan mong pagkatao at ginawa kang anak ng Diyos.

Dapat mo pa ring labanan ang dating pagkatao kung minsan, subali't nananahan sa puso mo ang Espiritu Santo at tutulungan ka. Habang buong pananampalataya at pagsunod kang nakikipagtulungan, ituturo Niya sa iyo ang dapat gawin at bibigyan ka Niya ng lakas upang ito'y magawa.

## Ang Gagawin Mo

Lagyan ng X ang tamang sagot.

14. Ang himala ng bagong kapanganakan ay gawa sa iyo ng

---------- a) ebanghelista.

---------- b) pastor.

---------- k) Espiritu Santo.

15. Nasa iyo ang Espiritu Santo upang

---------- a) magparusa sa iyo tuwing magkakamali ka.

---------- b) manahanan sa iyo at tutulong upang magawa mo ang tumpak.

16. Iyong gagawin ang nais ipagawa sa iyo ng Diyos

---------- a) na para kang isang makina.

---------- b) sapagka't pipilitin ka ng Espiritu Santo na ito'y gawin

---------- k) habang buong pananampalataya at pagsunod kang nakikipagtulungan sa Espiritu Santo.

17. Mauunawaan mo ang nararapat mong gawin at magawa mo sa pamamagitan ng

---------- a) sarili mong katalinuhan.

---------- b) sarili mong kalooban.

---------- k) tulong ng Espiritu Santo.

Mga Sagot: 14. k) Espiritu Santo

15. b) manahanan sa iyo at tutulong upang magawa mo ang tumpak.

16. k) habang buong pananampalataya at pagsunod kang makikipagtulungan sa Espiritu Santo.

17. k) tulong ng Espiritu Santo

## Ang Iyong Bagong Pamilya: Ang Ibang Mga Cristiano

Bawa't tunay na Cristiano na ipinanganak na muli ay anak ng Diyos. Ang Diyos ang ating Ama kaya't magkakapatid tayong lahat kay Cristo.

Tinatanggap ka ng lahat ng nakatatandang Cristiano, bilang kapatid. Ibig nilang makatulong sa iyo upang ikaw ay espirituwal na lumago, lumakas, at lumusog na Cristiano.

Kung may suliranin ka, ilapit mo yaon sa iyong pastor at ibang mga kapatid sa iglesya. Idadalangin ka nila at gagawin nila ang kanilang makakaya upang matulungan ka.



### Ang Gagawin Mo

Lagyan ng X ang tamang sagot:

18. Lahat ng tunay na Cristiano na ipinanganak na muli ay

    --------- a) magkakapatid kay Cristo.

    --------- b) kaanib ng iisang samahan.

    --------- k) magkakaibigang matalik.

Sagot: 18. a) magkakapatid kay Cristo.

*IKA-2 ARALIN*

# NATUTUTO KANG LUMAKAD



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

**Ilagay Ang Iyong Kamay Sa Kamay Ng Diyos**

**Sinikap Na Ba Ni Satanas Na Mahulog Ka?**

**Nagtiis Ka Ba Alang-Alang kay Cristo?**

**Nanlulupaypay Ka Ba O Nililigalig Ng Mga Alinlangan?**

**Mahal Ka Ng Iyong Ama**

**Lutasin Ngayon Ang Mga Alinlangan**

**Magsisi**

**Maniwala Sa Ebanghelyo At Manampalataya Kay Jesu-Cristo**

## Ilagay Ang Iyong Kamay Sa Kamay Ng Diyos

Napakasaya ng mga magulang kung humahakbang na ang kanilang sanggol! At napakasaya ng iyong Ama sa langit kung ikaw na Kanyang anak ay natututong lumakad na kasama Niya sa pamumuhay Cristiano! Huwag kang matakot; ilagay mo lang ang iyong kamay sa kamay ng Ama, at tutulungan ka Niya. Bawa't araw, pagkagising mo, patulong ka sa Kanya sa lahat ng iyong gagawin.

### Ang Gagawin Mo

Lagyan ng X ang puwang sa tabi ng tamang sagot:

1. Saan inihahambing ang iyong buhay bilang isang Cristiano sa araling ito?

--------- a) sa isang taong nakalalakad na mag-isa

--------- b) sa isang sanggol na hindi makalakad

--------- k) sa paglalakad na hawak ka ng Diyos.

Sagot: 1. k) sa paglalakad na hawak ka ng Diyos.

## Sinikap Na Ba Ni Satanas Na Mahulog Ka?

Si Satanas, ang Diyablo, ay kaaway ng Diyos at ng bawa't Cristiano. Sinisikap niyang ikaw'y tisurin at nang ikaw ay mahulog. Maaaring guma-

mit siya ng pag-uusig, pag-uyam, pagbigo, o pagtukso. Sisikapin niyang ikaw'y mag-alinlangan tungkol sa iyong kaligtasan. Kinakalabang lagi ni Satanas ang mga Cristiano at sinisikap niyang mailayo sila sa Diyos. Hinahasikan niya ng mga pag-aalinlangan at kahirapan, lalo na, ang mga bagong Cristiano. Ayaw niyang matututo kang lumakad na kasama ang Diyos.

Kaya, huwag kang magtataka kung magkabukol ka habang nag-aaral kang lumakad. Ang bata'y nababangga sa silya at nasasaktan, o nawawalan ng panimbang at natutumba, subali't hindi nagiging dahilan ito upang huwag na siyang mag-aral ng paglakad.

## Ang Gagawin Mo

2. Matapos na ikaw'y maging Cristiano

--------- a) tapos ng lahat ang suliranin mo.

--------- b) sisikapin ni Satanas na mahulog ka.

--------- k) hindi ka na mabibigo o uusigin.

3. Madalas na sinisikap ni Satanas na ang mga bagong Cristiano'y

--------- a) magalak sa kanilang kaligtasan.

--------- b) mag-alinlangan sa Diyos.

--------- k) mag-alinlangan sila'y ligtas.

Mga Sagot: 2.b) sisikapin ni Satanas na mahulog ka.
3. k) mag-alinlangang sila'y ligtas.

Tandaan lamang na ang iyong Ama sa langit ay higit na malakas kaysa sa diyablo at aalalayan ka Niya.

> Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan, at kailanma'y di sila mapapahamak; hindi sila maagaw sa akin ninuman. Juan 10:28.

**Ang Gagawin Mo**

4. Sauluhin ang sinabi ni Jesus sa Juan 10:28.

## Nagtitiis Ka Ba Alang-alang Kay Cristo?

Huwag kang magulat o magalit kung pagtawanan ka ng iyong kaanak o ibang kaibigan dahil sa pagtanggap mo kay Cristo. Pag-uusigin ka nila. Ito'y isang karangalan at karapatan ang magtitiis alang-alang sa Kanya na namatay sa krus para sa atin. "Pasanin natin ang ating krus" at sumunod sa Kanya; sa gayon, maipakikita natin ang ating pagpapahalaga sa Kanyang pagpapakasakit dahil sa atin.

Bukod dito, may pangakong gantimpala ang Panginoon sa magtitiis alang-alang sa Kanya.

Kung ibig ninumang sumunod sa akin, limutin niya ang ukol sa kanyang sarili; pasanin ang kanyang krus araw-araw, at sumunod sa akin. Lucas 9:23.

Mapalad ang mga pinag-uusig dahil sa kanilang pagsunod sa kalooban ng Diyos, sapagka't makakasama sila sa Kanyang kaharian. Mapalad kayo kapag dahil sa aki'y inaalimura kayo ng mga tao, pinag-uusig at pinagwiwikaan ng lahat ng uri ng kasamaan na pawang kasinungalingan. Magdiwang kayo at magalak, sapagka't malaki ang inyong gantimpala sa langit. Mateo 5:10-12.

### Ang Gagawin Mo

5. Kung ikaw ay dumanas ng pagtitiis alang-alang kay Jesus, dapat kang.

---------- a) malungkot.

--------- b) magalit at lumaban.

--------- k) magalak sapagka't may gantimpala ka sa langit.

Sagot: 5. k) magalak sapagka't may gantimpala ka sa langit.

## Nasisiraan Ka Ba Ng Loob O Nililigalig Ka Ng Mga Alinlangan

Huwag kang manlupaypay kahit nahihirapan kang gumawa ng matuwid. Ang taong ipinanganak na muli ay tunay na anak ng Diyos, nguni't

kailangan pa rin niyang matutong lumakad. Kapag nagkakamali ang isang bagong Cristiano, sinisikap ng Diyablo na papanghinain siya sa pagpapalagay na: "Hindi ako anak ng Diyos, kaya nakagawa ako ng ganitong kamalian."

Nalilito ang ilang mga bagong Cristiano at sila'y nag-aalinlangan. Iniisip nila: "Hindi ko kaya ang buhay Cristiano; napakahirap. Mabuti pa'y magbalik na ako sa dati at huwag nang maglingkod sa Diyos. Saka, wala naman akong nakikitang gaanong pagbabago sa sarili ko, tulad ng sinasabi ng mga Cristiano. Marahil ay hindi nga ako Cristiano."

Nagkaroon na ba kayo ng ganitong karanasan? Tandaan, ito'y galing sa iyong kaaway na nagsisikap na kayo'y mahulog. May mga taong higit na nakadarama ng kagalakan kung sila'y naliligtas; kaya, huwag kang mag-alala kahit na ano ang nararamdaman mo. Habang natututuhan mo ang tungkol sa ginawa ng Diyos na ikaw'y anak Niya, lalo kang magkakaroon ng kagalakan. Ang iyong kaligtasan ay hindi nasasalig sa iyong nadarama o hindi nadarama, kundi sa katapatan ng Diyos na nagkaloob sa iyo ng buhay at kaluluwa.

Kung nadapa ka o nahulog, hindi nangangahulugang hindi ka matututong lumakad, o hindi ka na anak ng Diyos. Humingi ng kapatawaran sa iyong mga pagkukulang, at tumindig ka't muling sumubok.



Ang pagbabago mo, pagnanasang makalugod sa Diyos, at ang pag-aalala mo dahil sa iyong pagkukulang ay mga katibayan ng bagong pagkatao. Kaya't huwag kang manlupaypay. Tandaang may mga anak na higit ang suliranin kaysa mga iba sa pag-aaral nilang lumakad.

## Ang Gagawin Mo

6. Kung nasisiraan ka ng loob at nalulungkot, dapat mong tandaan na

--------- a) laging masaya ang tunay na Cristiano.

--------- b) magkakatulad ang kagalakang nadarama ng lahat ng Cristiano kung sila'y naliligtas.

--------- k) habang pinasasalamatan mo ang Panginoon sa Kanyang mga biyaya, lalo kang makadarama ng kagalakan.

7. Ang iyong kaligtasan ay nasasalig sa

--------- a) katapatan ng Diyos.

--------- b) iyong nararanasan.

--------- k) iyong kabutihang taglay.

Mga Sagot: 6. k) habang pinasasalamatan mo ang Panginoon sa Kanyang mga biyaya, lalo kang makadarama ng kagalakan.

7. a) katapatan ng Diyos.

## Mahal Ka Ng Iyong Ama

Palagay mo kaya'y kagagalitan ng magiliwing mga magulang ang kanilang anak na natumba, o kaya'y lalayuan ito at iiwan kung masaktan nito ang sarili? Aba, hindi! Kakalungin nila't aaluin ang bata saka uudyukang magpatuloy hanggang sa makalakad na matuwid. Pababayaan kaya ng Diyos ang Kanyang anak na nagpapasimula pa lamang lumakad? Hindi ito mangyayari! Sabihin mo sa Kanya sa panalangin: "Salamat, Ama, sa pag-aakay mo sa akin at pagtuturo sa paglakad. Mahina ako nguni't alam kong tutulungan mo ako sa dapat kong gawin."

Dapat mong malamang pinapatnubayan ka ng Diyos sa iyong buhay Cristiano sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu Santo at Salita, ang Biblia. Basahin mo ang Biblia at manalangin araw-araw. Ito'y makatutulong sa iyo na mawala ang iyong alinlangan at makalakad ka nang di-natutumba.

### Ang Gagawin Mo

8. Kung natisod ka at nakagawa ng di-nararapat, tiyak na ang iyong Ama sa Langit ay

--------- a) magagalit at itataboy ka.

--------- b) magpapatawad sa iyo at tutulungan kang magpakabuti.

--------- k) lalayo sa iyo.

9. Aakayin ka ng Espiritu Santo ng Diyos at ipakikita sa iyo ang dapat mong gawin kung:

--------- a) magbabasa ka ng Biblia at mananalangin araw-araw.

--------- b) aalamin mo ang iyong kapalaran ayon sa sinasabi ng mga bituin.

--------- k) makikinig ka sa iyong mga kaibigan.

Mga Sagot: 8. b) magpapatawad sa iyo at tutulungan kang magpakabuti

9. a) magbabasa ka ng Biblia at mananalangin araw-araw.

## Magpasiya Na Ngayon at Alisin Ang Mga Alinlangan

Marahil, iniisip mo kung nagawa mo na ang lahat ng inaasahan ng Diyos na gagawin mo upang maligtas. Malinaw na sinasabi sa atin ni Cristo ang bahaging dapat ganapin ng tao upang maligtas; kaya, tingnan natin kung ginawa mo na ito. Kung mayroon ka pang dapat gawin, magagawa mo na ito ngayon upang matiyak kung ikaw ay ligtas.

Dalawang bagay ang ipinagagawa ng Diyos sa iyo upang ikaw ay maligtas; magsisi ka ng iyong mga kasalanan, at maniwala sa ebanghelyo.



### Ang Gagawin Mo

10. Ano ang ipinagagawa sa iyo ng Diyos upang ikaw ay maligtas?

_______ a) magsisi ng kasalanan at maniwala sa Ebanghelyo.

_______ b) magpenitensiya at umanib sa iglesya.

_______ k) gumawa ng kabutihang panakip sa iyong mga kasalanan.

Sagot: 10. a) magsisi ng kasalanan at maniwala sa Ebanghelyo.

## Magsisi

Ito'y nangangahulugang dapat mong ikalungkot ang nagawa mong mga kasalanan at talikdan ito.

> Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at maniwala kayo sa Mabuting Balitang ito! Marcos 1:15.

Ikinalulungkot mo ba ang pagsuway mo sa Diyos? Naipasiya mo na bang ipaalis ang kasalanan sa iyong buhay, o kasalanang ibig mong manatili? Handa ka bang magsuko ng lahat, at mula ngayo'y gagawin yaong nakalulugod sa Diyos?

## Ang Gagawin Mo

11. Sauluhin and sinabi ni Jesus sa Marcos 1:15.

12. Ang magsisi ay nangahuhulugang

 ........ a) dapat kang malungkot sa nagawa mong kasalanan at talikdan ito.

 ........ b) ipagtatapat mo sa isang pari ang lahat ng iyong kasalanan.

 ........ k) hihingi ka ng tawad saka ipagpapatuloy pa rin ang mga bagay na ito.

Sagot: a) dapat kang malungkot sa nagawa mong kasalanan at talikdan ito.

May umapi ba sa iyo ng labis kaya't ayaw mo na siyang patawarin? Matitinding kasalanan ang pagkapoot at pagkimkim ng sama ng loob. Maraming tao ang hindi nakapapasok sa langit bunga nito. Ang Diyos ay pag-ibig at hindi siya makapananahanan sa isang pusong tigib ng kapootan at sama ng loob. Kung may sama ka ng loob sa kapuwa, patawarin mo siya ngayon. Patulong ka sa Diyos upang matutuhan mong ibigin yaong umapi sa iyo nang labis.

> Ngunit kung hindi ninyo pinatatawad ang mga nagkakasala sa inyo, hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama. Mateo 6:15.

Kung pinag-aalinlanganan mo pa na ikaw'y matapat ng nakapagsisi, malulutas mo ito kaagad, sa pagtalikod mo sa lahat ng kasalanan at pagsusuko ng sarili upang ang kalooban ng Diyos ang mangyari sa iyong buhay magmula ngayon.

**Ang Gagawin Mo**

13. Kung mayroong nakagawa sa iyo ng kamalian, dapat

--------- a) kang tumahimik at huwag magpahalatang napopoot ka sa kanya.

--------- b) mo siyang patawarin ngayon din.

--------- k) mong ipagsabi sa lahat ang kasamaan niya.

Sagot: 13. b) dapat mo siyang patawarin ngayon din.

## Maniwala Sa Ebanghelyo: Manampalataya Kay Jesu-Cristo

Ang salitang EBANGHELYO ay nangangahulugan ng MABUTING BALITA. Ito ang mabuting balita ng pagliligtas ni Jesu-Cristo. Ang sumusunod na turo ng ebanghelyo ay matatagpuan sa Biblia. Sulatan ng oo yaong pinaniniwalaan mo:

▲ Mahal na mahal ka ng Diyos kaya't sinugo Niya ang Kanyang anak na si Jesus upang umako ng kaparusahan mo. ________________

▲ Namatay si Jesus para sa kasalanan mo. Palalayain ka Niya sa mga ito kung tatanggapin mo Siyang Tagapagligtas at Panginoon. ______

▲ Muling nabuhay si Jesus at nagbalik sa Langit. Idinadalangin ka Niya at ipinaghahanda ng isang tahanan. ______

▲ Kapag tinanggap mo si Jesus bilang Tagapagligtas, ikaw'y magiging anak ng Diyos at magkakaroon ka ng bagong buhay sa Kanya. ______

▲ Babalik si Jesus upang kunin ang para sa Kanya at dalhin sa tahanan sa Langit. ______

Sinasampalatayanan mo bang lahat ito? ______ Tinanggap mo na ba Siyang sariling Tagapagligtas? ______ Kung hindi pa, manalig ka sa Kanya ngayon. Paniwalaan mo ang mga pangako Niya.

Sumampalataya ka sa Panginoon Jesus, at maliligtas ka - ikaw at ang iyong sambahayan. Mga Gawa 16:31.

At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Ang pinananahanan ng Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan, nguni't wala nito ang hindi pinananahanan ng Anak ng Diyos. I Juan 5:11, 12.



## Ang Gagawin Mo

14. Ang ebanghelyo ay

-------- a) mabuting balita ng pagliligtas ni Jesu-Cristo.

-------- b) pangangaral.

-------- k) tuntunin ng iglesia.

15. Sauluhin ang Gawa 16:31 at I Juan 5:11, 12.

Sagot: 14. a) mabuting balita ng pagliligtas ni Jesu-Cristo.

Ang pagsampalataya kay Jesus ay pananalig sa Kanya. Nauunawaan ka Niya't mahal ka. Idinadalangin ka Niya sa Ama. Tanging si Jesus ang pinili ng Diyos na gumawa nito.

> Sapagka't iisa ang Diyos at iisa ang Taga-pamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus. I Timoteo 2:5.

> Kay Jesu-Cristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagka't sa silong ng langit ang Kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao. Mga Gawa 4:12.

Sinabi ni Jesus, *Ako ang daan.* Walang ibang landas o daan patungo sa Diyos. Hindi ka makalalakad nang sabay sa dalawang landas. Kailangang iwan mo ang alinman sa landas na sa akala mo'y maghahatid sa iyo sa Diyos upang makasunod ka kay Jesus, ang tangi at tunay na daan. Kailangang sumampalataya ka sa Kanya nang lubos.

Kung talagang nakapagsisi ka, naniniwala sa mga pangako ng Diyos, at nananalig kay Cristo na iyong tanging Tagapagligtas, ikaw ay ligtas.

### Ang Gagawin Mo

16. Itinuturo ng Biblia na

--------- a) si Jesus ang tanging daan patungo sa Diyos.

--------- b) maraming landas patungo sa Diyos

Sagot: 16. a) si Jesus ang tanging daan patungo sa Diyos.

Nais mo bang matiyak na si Jesus and iyong Tagapagligtas? Nais mo bang italagang muli ang iyong buhay sa Diyos at tiyaking kasama mo Siya sa paglakad? Sabihin yaon sa tulong ng panalanging i*o.

## Panalangin

Salamat sa iyo, Diyos, dahil sa pag-ibig Mo sa akin at sa pagsusugo sa Iyong Anak na si Jesus upang mamatay para sa akin. Tinatanggap ko Siya bilang aking Tagapagligtas at Panginoon. Salamat sa pagpapatawad Mo sa aking mga kasalanan at sa pagtanggap Mo sa akin na Iyong anak. Tulungan Mo akong lumakad na kasama Mo habang buhay. Amen.

*IKA-3 ARALIN*

# ANG IYONG AMA AY NAGSASALITA SA IYO



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

- Nais Kang Kausapin Ng Diyos
- Nangungusap Ang Diyos Sa Maraming Kaparaanan
- Paano Naisulat Ang Aklat Ng Diyos
- Pagtukoy Sa Mga Reperensya Sa Biblia
- Ang Pagdinig Sa Tinig Ng Diyos

## Nais Kang Kausapin Ng Diyos

Sinong ama ang hindi nagagalak na makipag-usap sa kanyang mga anak kahit nuong sila'y mga sanggol pa lamang at ngiti ang naisasagot?

Nais din ng iyong Ama sa langit na makipag-usap sa Kanyang mga anak, ipamalas ang Kanyang pag-ibig, turuan sila't tulungan sa kanilang suliranin. Gusto mo bang marinig ang tinig Niya?

**Ang Gagawin Mo**

1. Ang Diyos

-------- a) ay nagagalak na makipag-usap sa Kanyang mga anak.

-------- b) ay napakabanal upang makipag-usap sa atin.

-------- k) ay hindi na nakikipag-usap sa mga tao ngayon.

Sagot: 1. a) ay nagagalak na makipag-usap sa Kanyang mga Anak.

## Nangungusap Ang Diyos Sa Maraming Kaparaanan

> Noong una, nagsalita ang Diyos sa ating mga ninuno, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, nguni't ngayon siya'y nagsalita sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Sa pamamagitan ng Anak ay nilikha ng Diyos ang sansinukob at Siya ang itinalaga Niyang magmay-ari ng lahat ng bagay. Hebreo 1:1,2.

Narito ang ilan sa mga kaparaanan ng pagsasalita sa iyo ng Diyos:

### ▲ Tuwiran Sa Puso Mo

Ipinadarama sa iyo ng Espiritu Santo na si Jesus ay buhay na buhay. Maaari Siyang mangusap sa iyong budhi, ipinadarama sa iyo ang dapat mong gawin, o binabalaan ka sa paggawa ng isang bagay. Maaaring linawin Niya sa iyo ang isang katotohanang espirituwal. O kaya'y makadama ka ng masidhing udyok na gawin ang nais ng Diyos. Kung ikaw ay mananalangin, hilingin mo sa Diyos na kausapin ka Niya at asahan mong maririnig Siyang mangungusap sa puso mo.

**Ang Gagawin Mo**

2. Paano tuwirang nangungusap sa puso mo ang Diyos?
(Pumili ng dalawa)
------ a) Maririnig mong lagi ang tinig na kagaya ng sinumang tao.
------ b) Makadarama ka ng udyok na gawin ang isang bagay.
------ k) Kailangang magkaroon ka ng pangitain o managinip ka.
------ d) Maaaring biglang lumiwanag sa iyo ang isang katotohanang espirituwal.

Sagot: 2. b) Makadarama ka ng udyok na gawin ang isang bagay.
d) Maaaring biglang lumiwanag sa iyo ang isang katotohanang espirituwal.

### ▲ Sa Pamamagitan Ng Kanyang Mga Pagpapala

Maraming Cristiano ang nagsasabing nag-iiba ang anyo ng buong sanlibutan mula nang ipanganak silang muli. May panibagong pagpapahalaga ka sa mga pagpapala ng Diyos sa pagtingin mo sa iyong paligid. Madarama mong naroon Siya sa kamangha-manghang kalikasan. Nangungusap Siya sa pamamagitan ng tugtugin at sining. Ang kalapitan Niya ay nasa magandang pagtitinginan ng mga Cristiano. Libong pagpapala sa palibot mo ang maghahayag ng kabutihan ng Diyos. Tinutugon Niya ang iyong dalangin. Nakikita ng mata ng pananampalataya ang pagngiti ng Diyos at naririnig ng tainga ng iyong espiritu ang ganito "Anak Ko, mahal kita."

#### Ang Gagawin Mo

3. Nangusap na ba sa iyo ang Diyos? ______
   kailan? ______________
4. Magbigay ng ilang pagpapalang nalalaman mong sadyang mahal ka ng Diyos.

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

### ▲ Sa Pamamagitan Ng Ibang Mga Cristiano

Kung minsan, sinasaway ng nakatatandang anak ang nakababata, "Huwag! Ayaw ng Tatay ng ganyan! " O kaya'y "Ganito ang ibig ng Tatay."

Nangungusap din ang Diyos sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng nakatatandang kapatid sa Panginoon. Nais Niyang lagi tayong magtitipon upang magamit Niya ang ibang Cristianong makapagpasigla, makapag-akay, at makatulong sa atin.

> Pasakop kayo sa isa't isa tanda ng iyong paggalang kay Cristo. Efeso 5:21.

### Ang Gagawin Mo

5. Natulungan ka na ba ng ibang Cristianong makaunawa sa ibig ipagawa sa iyo ng Diyos? ____________

6. May nakapagpasigla na ba sa iyo upang maging lalong mabuting Cristiano? ________ Sino? ____________

7. Pasalamatan ang Diyos ngayon sa mga paraan ng pakikipag-usap Niya sa Kanyang mga anak. Hilinging gamitin ka Niya upang matulungan mo ang ibang makasumpong ng kaligtasan, o mapasigla naman ang iba sa pagsunod sa Panginoon.

▲ Sa Pamamagitan Ng Mga Kaloob Na Espirituwal

Inilagay ng Espiritu Santo sa Iglesya ang iba't ibang kaloob na espirituwal. Nangungusap Siya sa atin sa pamamagitan nito. Ang mensahe

para sa Iglesya ay ibinibigay Niya sa mga pastor, guro, ebanghelista, at manunulat. Ibig Niyang ibahagi sa bawa't Cristiano ang katotohanan ng Diyos. Ang madalas na pagdalo sa gawain sa Iglesya ay mahalaga. Sa tuwing dadalo ka, pakinggan mo ang ipinasasabi sa iyo ng iyong Ama sa Langit.

> Sapagka't saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon dahil sa akin, naroon Akong kasama nila. Mateo 18:20.

## Ang Gagawin Mo

8. (Pumili ng dalawa.) Ang Diyos ay nangungusap kung minsan sa mga tao sa pamamagitan ng

   ----- a) pangangaral ng pastor o ebanghelista.

   ----- b) mga espiritista.

   ----- k) pangkukulam

   ----- d) polyeto o aklat na sinulat ng mga Cristianong manunulat.

9. Kapag nasa Iglesya ka, inaasahan mo bang mangungusap ang Diyos sa iyo? ________
10. Nangusap na ba sa iyo ang Diyos sa pamamagitan ng aklat na ito? ____________
11. Hilingin sa Diyos na mangusap Siya sa iyo sa bawa't aralin.

Sagot: 8. a) pangangaral ng pastor o ebang-helista.
d) polyeto o aklat na sinulat ng mga Cristianong manunulat.

### ▲ Sa Pamamagitan Ng Mga Awit

Madalas na kinakausap ka ng Diyos sa titik ng isang awiting Cristiano o koro. Magugulat ka na malimit na ibinabalik Niya sa iyong alaala ang mga salita ng isang awit kapag kailangan mo ang mensahe nito.

> At sama-samang ipahayag ang inyong damdamin sa pamamagitan ng mga salmo, mga imno at mga awiting espirituwal. Kayo'y buong pusong umawit at magpuri sa Panginoon. Efeso 5:19.

#### Ang Gagawin Mo

12. Patulong sa Panginoon upang matutuhan mo agad ang mga awit at korong inaawit sa iglesya. Awitin ito sa tahanan hangga't maaari.
13. Ugaliing namnamin ang iyong inaawit. Awitin ito ng mataos sa puso. Patulong sa Panginoon upang isabuhay mo ang mga salita ng mga awit.

▲ Sa Pamamagitan Ng Biblia.

Kinakausap ka ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Aklat, ang Santa Biblia. Ito ang pinakatiyak na paraan ng pag-alam sa Kanyang mensahe.Hindi laging panaginip at pangitain. Maaaring madama mong nais ng Diyos na gawin mo ang isang bagay, nguni't ito pala'y kagustuhan mo lamang. Kaya, paano mo malalaman ang tinig ng Diyos?

Pasalamatan ang Diyos na ang Kanyang mensahe ay nakasulat sa Biblia para sa iyo. Dapat mong subukin ang lahat ng bagay ayon sa sinasabi ng Diyos sa Biblia. Kaya nga, mahalagang pag-aralan ang Salita ng Diyos, gaya ng ginagawa mo ngayon. Sa pamamagitan ng mga batayang pag-aaral na ito'y maiintindihan mong lalo ang Biblia. Matututuhan mong isabuhay ang mga itinuturo nito.

> Idilat Mo ang aking mga mata, upang ako'y makakita ng kagila-gilalas na mga bagay sa iyong kautusan. Magpakailan man, O Panginoon, ang Iyong Salita ay natatag sa langit. Ang Salita Mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas. Ang bukas ng Iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag; nagbibigay ng unawa sa walang muwang. Ang kabuuan ng Iyong Salita ay katotohanan. <u>Mga Awit 119:18, 89, 105, 130, 160.</u>

### Ang Gagawin Mo

14. Ang pinakatiyak na paraan ng pag-alam sa mensahe ng Diyos sa iyo ay

------ a) sa pag-aaral kung ano ang sinasabi ng Diyos sa Biblia.

------ b) pakikinig sa payo ng mga kaibigan.

------ k) ayon sa nadarama mong dapat gawin.

Sagot: 14.a) sa pag-aaral kung ano ang sinasabi ng Diyos sa Biblia.



## Paano Nasulat Ang Aklat Ng Diyos

Sa loob ng maraming panahon, pumili ang Diyos ng mga taong matuwid upang sumulat ng Kanyang mensahe. Kinasihan sila ng Espiritu Santo, sinabi sa kanila ang dapat nilang isulat. Sa loob ng 1,600 taon, may 40 lalaki ang pinasulat ng Diyos. Ang Kanyang mensahe'y nasulat sa

66 na aklat na tinatawag na Mga Banal na Kasulatan. Magkakasang-ayon ang sinasabi at nagkakaisa ng paksa ang mga aklat na ito kaya't alam nating mula sa iisang May-Akda-- ang Diyos.

### Ang Gagawin Mo

15. (Dalawa ang piliin.) Ang mga taong sumulat ng Biblia

------ a) ay mabubuting tao.

------ b) ay binayaran ng isang hari upang isulat ito.

------ k) ay kinasihan ng Espiritu Santo.

------ d) ay gumawa ng maraming kamalian.

Mga Sagot: a) ay mabubuting tao.
k) ay kinasihan ng Espiritu Santo.

Maraming taon na ang nakalilipas, niloob ng Diyos na tipunin ng Kanyang mga anak ang 66 na aklat na ito at gawing isang aklat. Ang Santa Biblia na ibig sabihin *ang mga aklat ng Diyos.* Ang unang 39 na aklat ay nasulat bago sumilang ang ating Panginoon Jesus. Tinatawag itong Matandang Tipan. Ang ikalawang bahagi naman ng Biblia ay tinatawag na Bagong Tipan. Narito ang 27 aklat na nasulat pagdating ni Jesus at gumawa ng bagong tipan sa pagitan ng Diyos at ng tao. Isinasaad dito ang mga itinatadhana ng tipang ito.

## Ang Gagawin Mo

16. Ang Biblia ay binubuo ng dalawang pangunahing bahagi na tinatawag na

------ a) Matandang Tipan at Apocalipsis.

------ b) Matandang Tipan at Bagong Tipan.

----- k) Kautusan at ang mga Propeta.

17. Ilan ang mga aklat sa Biblia?

----- a) May 39 na aklat sa Matandang Tipan at 27 sa Bago.

------ b) May 29 na aklat sa Matandang Tipan at 37 sa Bago.

Mga Sagot: 16. b) Matandang Tipan at Bagong Tipan.
17. a) May 39 an aklat sa Matandang Tipan at 27 sa Bago.

Ang Matandang Tipan ay unang nasulat sa wikang Hebreo at ang Bagong Tipan ay sa Griyego. Napasaatin ang Aklat ng Diyos upang basahin ng lahat ng tao, kaya't tinulungan Niya ang Kanyang mga anak upang maisalin ito sa maraming wika.

Ngayon, may mga bahagi ng Bibliang naisalin na sa mahigit na 1,300 mga wika.

### Ang Gagawin Mo

18. Ang Biblia ay unang nasulat sa

----- a) Hebreo at Latin.

----- b) Kastila at Griyego.

----- k) Pranses at Ingles.

----- d) Hebreo at Griyego.

19. Ang Biblia ay

----- a) isang aklat para sa lahat.

----- b) para sa may mataas na pinag-aralan.

----- k) para sa mga ministro lamang.

Mga Sagot: 18. d) Hebreo at Griyego.
19. a) isang aklat para sa lahat.

Sa ilang mga wika, may ilang iba't ibang salin ng Biblia. Ang iba'y saling Protestante, at ang iba'y Catolico, subali't iisa ang sinasabi nila.

Ang mga talatang sinipi sa Matandang Tipan ay mula sa unang salin sa Tagalog na Biblia (King James Version). Ang mga talatang sinipi sa Bagong Tipan ay mula sa Tagalog Popular Version New Testament, tinatawag rin na Mabuting Balita para sa Ating Panahon.

**Ang Gagawin Mo**

20. Ang mga talata sa Bagong Tipan na ginamit sa araling ito'y sinipi sa

----- a) King James Version.

----- b) Revised St andard Version.

----- k) Tagalog Popular Version New Testament.

Sagot: 20. k) Tagalog Popular Version New Testament.

## Pagtukoy Sa Mga Reperensiya

Bawa't aklat sa Biblia ay nahahati sa mga kabanata. Ang mga kabanata'y nahahati sa mga talata. May mga bilang ang mga talata upang matukoy natin ang bahaging hinahanap natin sa Biblia. Kung ibig mong itala ang isang talata sa Biblia, isulat muna ang pangalan ng aklat, saka ang bilang ng kabanata, susundan ng tutuldok (:), at ng bilang ng talata. Ang Juan 3:16 ay tumutukoy sa Aklat ni Juan, Kabanatang 3, talatang 16.

Kapag dalawang talata ang tinutukoy, o mga talatang hindi magkakasunod, ihiwalay ng mga kuwit (,). Ang ibig sabihin ng Juan 3:16, 17, 20, ay Aklat ni Juan, kabanatang 3, mga talatang 16, 17, at 20. Ito ang isang reperensiya ng Kasulatan.

Ang gitling (-) sa pagitan ng dalawang talata ay nangangahulugang kasama ang lahat ng talata sa pagitan. Juan 3:16-22. Ibig sabihin, aklat ni Juan, kabanatang 3, mga talatang 16 hanggang 22.

Kung wala kundi dalawang magkasunod na talata, ihiwalay ng kuwit. Juan 3:16, 22, 23. Ibig sabihin, aklat ni Juan,Kabanatang 3, mga talatang 16, 22, at 23.

Kung tinutukoy mo ang mga talata sa magkakaibang kabanata, gumamit ng tuldok-kuwit (;). Juan 3: 16; 6:24. Ibig sabihin aklat ni Juan, kabanatang 3, talata 16; at Juan kabanata 6, talata 24.

## Ang Pagdinig Sa Tinig Ng Diyos

Bago mo pakinggan ang isang himpilan ng radyo, dapat mong iayos ang pihitan. Paano mo iaayos ang pihitan ng iyong espiritu sa tinig ng Diyos? Naririto ang ilang paraan.

- ▲ Magbasa ng Biblia araw-araw.
- ▲ Patuloy na pag-isipan ang iyong binasa sa Biblia. Pagbulay-bulayin ang Salita.
- ▲ Ugaliin ang pag-uulit ng pagbasa at pagsasaulo ng mga talata sa Bibliang nagugustuhan.

> Lahat ng Kasulata'y kinasihan ng Diyos at magagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagpapabulaan sa maling aral, sa pagtutuwid sa likong gawain, at sa pag-akay sa matuwid na pamumuhay,

> Sa gayon ang lingkod ng Diyos ay magiging handa sa lahat ng mabubuting gawain. 2 Timoteo 3:16-17.

Kung ngayon ka pa lamang magpapasimulang magbasa ng Biblia, simulan sa Bagong Tipan. Malinaw na malinaw na mangungusap sa iyo ang Diyos sa pamamagitan ng buhay at mga turo ni Jesus. Higit ang matututuhan mo tungkol sa bagong tipang ginawa ng Panginoon sa atin bago mo pag-aralan ang Matandang Tipan.

> Noong una, nagsalita ang Diyos sa ating mga ninuno, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta. Nguni't ngayon, Siya'y nagsalita sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Sa pamamagitan ng Anak ay nilikha ng Diyos ang sansinukob at Siya ang itinalaga Niyang magmay-ari ng lahat ng bagay. Hebreo 1:1,2.

- ▲ Palagiang dumalo sa iglesyang kariringgan mo sa Diyos.
- ▲ Manalangin araw-araw. Hingin sa Diyos na mangusap Siya sa iyo. Sa panalangin, maaaring ipikit ang mga mata upang huwag maabala sa mga bagay sa palibot mo. Huwag gaanong magsalita sa Diyos. Hintayin Siyang mangusap sa puso mo.
- ▲ Umawit ng mga awiting Cristiano at isa-isip ang mga salita nito.

- ▲ Sanayin ang paghahanap sa kabutihan, kapangyarihan, at pagibig ng Diyos sa mga bagay na nasa paligid mo.
- ▲ Bumasa ng mga babasahing Cristiano at makinig sa mga palatuntunang panradyo tungkol sa ebanghelyo.
- ▲ Kausapin ang ibang Cristiano tungkol sa Diyos at sa Kanyang Salita.
- ▲ Gawin ang ipinagagagawa sa iyo ng Diyos. Tandaang Siya ang iyong patnubay, sumunod ka nang bukal sa loob.
- ▲ Gawin mong mabuti ang iyong mga aralin sa aklat na ito at sa iba pang pag-aaral sa Biblia, at hingin sa Diyos na mangusap Siya sa iyo sa pamamagitan nito.

*IKA-4 NA ARALIN*

# NAIS MO BANG LUMAGO?



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

**Pakanin Araw-Araw Ang Kaluluwa**

**Magpahinga Sa Panginoon**

**Umiwas Sa Sakit: Mamalaging Malinis**

**Umiwas Sa Sakit: Huwag Maglason**

**Pagsasanay Na Espirituwal**

Ang dapat mong gawin ngayon ay lumago sa iyong buhay espirituwal. Paano? Katulad ng pisikal na paglaki ng isang bata:

- ▲ Kumain ng wastong pagkain.
- ▲ Magpahinga.
- ▲ Umiwas sa sakit.
- ▲ Magsanay

Binigyan ka ng Panginoon ng isang bagong buhay at ngayon dapat mong gawin ang iyong bahagi upang mapaunlad ito. Pakanin mo ang iyong kaluluwa, magpahinga ka sa Kanyang mga pangako, gawin mo ang lahat ng bagay upang makaiwas sa impluwensiyang mapanganib, at ganapin ang pagsasanay na espirituwal na nasumpungan mo sa Salita ng Diyos. Kapag nagawa mo ang apat na bagay na ito, lalago ka sa buhay espirituwal at tatamasahin mo araw-araw ang "higit na masaganang buhay" na ibinibigay ng Diyos sa Kanyang mga anak.

## Ang Gagawin Mo

1. (Pumili ng apat.) Upang lumago sa buhay espirituwal, kailangang

------ a) pamalagiing malinis ang kaluluwa.

------ b) magsanay na espirituwal.

------ k) makinig sa mga dulang panradyo.

------ d) magpahinga sa Panginoon.

------ e) pakanin ang iyong kaluluwa.

------ g) iwasan ang mabibigát na gawain.

------ h) magpenitensiya.

**Mga Sagot:** 1. **a) pamalagiing malinis ang kaluluwa.**

b) magsanay na.espirituwal.

d) magpahinga sa Panginoon.

e) pakanin ang iyong kaluluwa.

**Pakanin Araw-araw Ang Kaluluwa**

Pinakakain mo ang iyong kaluluwa sa pakikipag-usap sa Diyos. Nangungusap sa iyo ang Diyos sa Kanyang Salita, at nagsasalita ka sa Diyos sa iyong pagdalangin.

> Nguni't sumagot si Jesus, "Nasusulat, hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang namumutawi sa bibig ng Diyos." Mateo 4:4.
>
> Gaya ng sanggol, kayo'y manabik sa gatas na espirituwal upang umunlad sa pananampalataya hanggang kamtan ang ganap na kaligtasan. I Pedro 2:2.

Ang Salita ng Diyos, ang Biblia, ay gatas na espirituwal na dapat mong inuming madalas.

Mahirap bang unawain ang Biblia? Bago ka magbasa nito sa bawa't araw, hilingin sa Panginoon na ito'y linawin sa iyo. Magtanong ka sa pastor o nakatatandang Cristiano kung may bahaging ibig mong malinawan.

Samantalahin ang bawa't pagkakataon upang iyong matamo ang pagtuturo tungkol sa Biblia, sa Paaralang Lingguhan, sa pananambahan, sa mga tanging kursong tulad nito. Mapapakain mo rin ang iyong kaluluwa ng mabubuting babasahing Cristiano.

Ibig mo bang mabilis na lumago sa Panginoon? Kumain kang mabuti. Dapat kang magbaon ng

kahit isang kabanata mula sa Bagong Tipan, bawa't araw. Isinasaad ng bahaging ito ng Biblia ang tungkol sa ating Panginoong Jesu-Cristo at nagtuturo kung paano tayo mamumuhay. Makabubuting mag-aral ng ilang talatang nagugustuhan mo. Sa ganito'y gaganahan kang magbasa ng Salita ng Diyos.

> Pagkatamis ng iyong salita sa aking lasa! Oo, matamis kaysa pulot sa aking bibig! O gaanong iniibig ko ang iyong kautusan! Mga Awit 119:103,97.

### Ang Gagawin Mo

2. (Pumili ng dalawa.) Upang lumago sa buhay espirituwal, pakanin ang iyong kaluluwa sa pamamagitan ng

------ a) pakikipagtalo tungkol sa relihiyon.
------ b) pagbabasa ng Biblia at pananalangin.
------ k) pagkain ng manok at kanin.
------ d) pagbabasa ng babasahing Cristiano.

3. Mangyaring lagdaan mo ang pangakong ito:

Panginoon, sa tulong Mo'y sisikapin kong magbasa ng bahagi ng Iyong Salita sa bawa't araw ng aking buhay. Kung hindi ko ito magawa'y sasambitin ko ang mga bahaging naisaulo ko, o ipababasa yaon nang malakas kaninuman. Pakakanin ko ng Iyong Salita ang aking kaluluwa.

Nilagdaan: __________

Petsa: __________

Mga Sagot: 2. b) pagbabasa ng Biblia at pananalangin.

d) pagbabasa ng babasahing Cristiano.

**Magpahinga Sa Panginoon**

Nadadama mo ba na napakahina mo na isagawa ang ipinagagawa sa iyo ng Panginoon? Hindi ka papasok sa langit sa sariling pagsisikap na magpakabuti, o dahil sa anumang nagawa mong kabutihan. Patungo ka sa Langit sapagka't ikaw ay anak ng Diyos at ang Iyong Ama sa Langit ang pumapatnubay sa iyo. Iingatan ka Niya. Manalig ka sa Kanyang mga pangako.

Naging mabuway ba ang mga unang hakbang mo na kasama ang Panginoon? Natumba ka ba at nahulog at inakala mong walang mangyayari sa pagsisikap mo? Magpanibagong-sigla ka sapagka't hawak ka ng iyong Ama, na nagbigay sa iyo ng bagong buhay na ito, at muli ka Niyang ititindig. Magpahinga ka sa Kanya. Italaga mo ang iyong sarili sa Diyos bawa't araw, sa pananalangin, pagpapahayag ng iyong kahinaan, at paghingi ng kalakasang kailangan mo upang magtagumpay sa bawa't tukso.

> Silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila'y paiilanlang na may mga pakpak, na parang mga agila; sila'y magsisitakbo, at hindi mangapapagod; sila'y magsisilakad, at hindi manganghihina. Isaias 40:31.

May mga suliranin bang lumiligalig sa iyo?

Takot ka ba? **Nanghihina ba ang** iyong loob pagka't labis ang iyong pagod? Kailangan mong magpahinga sa Panginoon upang hindi humadlang sa iyong paglagong espirituwal ang pagaalala, panlulupaypay, at takot.

Alam mo ba kung paano makakamit ang kapahingahang ito? Manampalataya ka. Panaligan ang ipinangako ng Diyos at umasa sa Kanya sa halip na mabahala sa iyong mga suliranin. Ito ang pananampalataya.

> Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagal at nabibigatan sa iyong pasanin at kayo'y pagpapahingahin ko. Mateo 11:28.
>
> Kaya't huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakanin, iinumin, o daramtin. Sapagka't ang mga bagay na ito ang kinahuhumalingan ng mga taong wala pang pananalig sa Diyos. Alam ng inyong Amang nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito. Nguni't pagsumakitan ninyo ng higit sa lahat ang pagharian kayo ng Diyos at mamuhay nang ayon sa Kanyang kalooban, at ipagkakaloob Niya ang lahat ng kailangan ninyo. Mateo 6:31-33.

Ang pagtatakda ng oras ng pagbabasa ng Biblia at pananalangin araw-araw ay makatutulong na iyong marating ang dakong ito ng pagpapahinga sa Diyos. Sa iyong pagdalangin, ipagkatiwala mo sa Panginoon ang iyong suliranin, at magtiwala kang gagawin Niya ang pinakamabuti.

### Ang Gagawin Mo

4. Sauluhin ang Isaias 40:31.
5. Tatlong ulit na basahin ang Mateo 11:25, 28 at Mateo 6:31-33.
6. Hingin sa Diyos na tulungan kang magpahinga sa Kanya at hindi mag-aalala.

## Umiwas Sa Sakit: Mamalaging Malinis

Gaya ng isang inang nag-aaruga sa kanyang mga anak at nangangalaga upang huwag silang magkasakit, nais ng Panginoon na tayo'y ilayo sa mga bagay na maghahatid ng karamdaman sa ating kaluluwa. Nang iligtas ka Niya, hinugasan Niya ang iyong mga kasalanan at binigyan ka ng malinis na puso. Mahalagang pamalagiin mong ganyan upang manatili kang malusog sa buhay espirituwal.

Hayaang kasabay sa paglakad ang Panginoon at Siya ang gawing patnubay. Lumayo ka sa karumihan ng masagwang aliwan at likong pamumuhay. Huwag pumunta sa lugar na ayaw ng Panginoon. Pamalagiing malinis ang iyong isipan, pananalita, at gawa.

7. (Pumili ng dalawa) Tinatalikdan ng Cristiano ang masagwang aliwan at likong gawain sapagka't

   ----- a) ayaw ng Diyos na sila'y masiyahan.

   ----- b) nais nilang mamalaging malinis ang kanilang kaluluwa upang lumusog sila sa buhay espirituwal.

---- k) nais ng Diyos na huwag silang marumihan ng malaswang pananalita, isipan, at gawa.

Mga Sagot: 7. b) nais nilang mamalaging malinis ang kanilang kaluluwa upang lumusog sila sa buhay espirituwal.

k) nais ng Diyos na huwag silang marumihan ng malaswang pananalita, isipan, at gawa.

Mapalad ang mga may malinis na puso, sapagka't makikita nila ang Diyos. Mateo 5:8.

Kapag maruruming bagay ang pinag-iisipan mo, mahahawa nito ang iyong kaluluwa, manghihina ang iyong kalooban, at magkakasala ka.

Paano mo masusupil ang iyong mga iniisip? Punuin ng mabubuting isipan ang iyong pag-iisip. Magbasa ng Biblia at pag-isipan ang sinasabi nito. Patulong sa Diyos upang maiwaksi mo ang masasamang isipan. Idalangin mo: "Huwag mo po kaming itulot sa tukso, kundi iligtas mo po kami sa masama." Gayon man, hindi pa tapos ang iyong pananagutan. Kung ayaw mong magkasala, huwag kang makikipaglaro sa tukso.

Upang mapamalaging malinis ang iyong isip, huwag kang magbabasa ng masasagwang aklat, huwag kang titingin sa masasagwang larawan o makikinig sa malalaswang kuwento.

Maging kalugod-lugod nawa ang mga salita ng aking bibig, at ang pagbubulay-bulay ng aking puso sa iyong paningin. O, Panginoon, na aking malaking bato, at aking manunubos. Awit 19:14.

## Ang Gagawin Mo

8. Masusupil ba ng tao ang kanyang mga iniisip?

   ----- a) Oo, sa tulong ng Panginoon.

   ----- b) Hindi. Pag-iisipan niyang lagi ang anumang dumating sa kanya.

   ----- k) Sinuman ay maaaring sumupil ng kanyang mga iniisip.

9. Dapat ka bang makibaka sa masasamang isipan? ____________

10. Sauluhin mo ang Awit 19:14, at gawing iyong panalangin. Mabuting ito'y ulit-ulitin mo sa iyong pananalangin sa araw-araw.

Sagot: 8. a) Oo, sa tulong ng Panginoon.

Higit na madaling isuko nang lubusan sa Diyos ang iyong sarili kaysa maglingkod sa Kanya nang di-ganap. Huwag makipagsapalaran sa kasalanan. Alisin ang anumang bagay sa iyong buhay na magiging dahilan ng karamdamang espirituwal.

Nguni't kung namumuhay tayo sa liwanag, kung paanong siya'y nasa liwanag, tayo'y nagkakaisa at nililinis ng dugo ni Jesus, na Kanyang Anak sa lahat ng ating kasalanan. Kung ipinahahayag natin ang ating mga ka-

salanan, maasahan natin na ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan, sapagka't siya'y matuwid. **I Juan 1:9**



Nililinis ng dugo ni Jesus ang ating makasalanang gawa at makasalanang isipan.

**Umiwas Sa Sakit: Huwag Maglason**

May mga pag-uugali o damdaming makamandag sa kaluluwa at sa katawan. Ang galit, pag-aalala, inggit, poot, hinala, takot, sama ng loob, at di-pagtitimpi ay maaaring maging sanhi ng di-pagkatunaw ng kinain, ulsero, sakit sa puso, at iba pang sakit. Sinasakal nito ang buhay espirituwal at nagiging sanhi ng lahat ng uri ng suliranin. Ang palalo, pagkamaka-sarili, pag-aalinlangan, at katigasan ng puso'y mga lasong espirituwal. Inaalis nito ang kagalakang Cristiano at iniiwang nanghihina ang kaluluwa, masasakitin, at malungkutin. Tuwing umaga, patulong sa Diyos na ilayo ka sa mga lasong ito sa pamumuhay mo sa maghapon.

Kung nanghihina ka o may karamdaman sa espiritu, tandaang si Jesus ang Dakilang Manggagamot. Mataimtim na manalangin sa Kanya at

bibigyan ka Niya ng kalusugang espirituwal, pisikal, at pangka-isipan.

### Ang Gagawin Mo

11. (Pumili ng dalawa). Ang galit, sama ng loob, at pag-aalala

----- a) ay maaaring magbunga ng karamdaman.

----- b) ay hindi maaalis sa puso ng tao.

----- k) ay lason sa kaluluwa at katawan.

----- d) ay makabubuti sa iyo.

Mga Sagot: 11. a) ay maaaring magbunga ng karamdaman.
k) ay lason sa kaluluwa at katawan.

### Pagsasanay Na Espirituwal

Pinalalakas ng pagsasanay ang katawan, at pinalalakas ng paggawa para sa Diyos ang kaluluwa. Mula sa unang araw ng iyong bagong buhay, marami kang magagawa bilang pagpapasalamat sa Panginoon na nagligtas sa iyo. Habang lumalago ka sa buhay espirituwal at natututo ng Kanyang Salita, bibigyan ka Niya ng maraming pagkakataon at pananagutan sa Kanyang gawain.

Ang ilan sa mga pagsasanay na espirituwal ay: pagsasabi sa iba ng tungkol kay Jesus, pagdalangin para sa kanila, at pag-aanyaya upang dumalo sa iglesya. Ang pakikibahagi sa iglesya at ang paglaban sa kasalanan ay makatutulong sa paglago ng iyong buhay espirituwal.

## Ang Gagawin Mo

12. (Pumili ng dalawa.) Kabilang sa pagsasanay na espirituwal ang

----- a) pagsasabi sa iba ng tungkol kay Jesus.

----- b) pakikipagtalo sa mga taong nagtatawa sa Ebanghelyo.

----- k) pag-aanyaya sa iba na dumalo sa mga gawain.

----- d) pagtakbo ng 100 metro ang layo.

13. Ano ang binabalak mong gawin mula ngayon upang bumilis ang iyong paglagong espirituwal? Sagutin ito sa iyong "Tala ng Mag-aaral."

Mga Sagot: 12. a) pagsasabi sa iba ng tungkol kay Jesus.
k) pag-aanyaya sa iba na dumalo sa mga gawain.

*IKA-5 ARALIN*

# BAGONG BUHAY BAGONG GAWAIN



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

Paano Mo Ginugugol Ang Iyong Panahon?

Sa Pagbabago Ng Kinawiwilihan Mo

Ang Mga Bagong Hilig Mo

Pagdalo Sa Iglesya

Pagbabasa Ng Biblia

Pananalangin: Kailan Mananalangin

Pananalangin: Paano Mananalangin

Pagsaksi

Pag-awit Sa Panginoon

Pangangaral Ng Ebanghelyo

Pagkakaloob

Pagtulong Sa Paraang Kaya Mo

Pakikibahagi Sa Mga Samahan Sa Iglesya

Napakaraming Gawain?

## Paano Mo Ginugugol Ang Iyong Panahon?



Di kasi, dapat kang gumugol ng tiyak na dami ng oras bawa't araw sa paggawa, pagkain at pagtulog; nguni't ano ang ginagawa mo sa nalalabing panahon? Ang ginagawa ng tao kapag sila'y may panahon ay batay sa kinawiwilihan niya at ng kanyang pamilya. May mga taong gumagawa sa lahat ng oras, at ang iba'y naglalaro. May dumadalo sa Iglesya at nakikibahagi sa gawain; ang iba'y "walang panahon para riyan."

Marahil ay wala kang sapat na panahon upang magawa ang lahat ng gusto mo, nguni't kahit paano'y may panahon ka para sa mga bagay na kawili-wili sa iyo.

### Ang Gagawin Mo

1. Ang mga gawain mo kung may panahon ka'y karaniwang nababatay sa

------ a) pangunahing hilig mo.

------ b) sinasabi ng iba.

------ k) minana mo.

Sagot: 1. a) pangunahing hilig mo.

## Sa Pagbabago Ng Kinawiwilihan Mo

Hindi ka na ngayon naglalaro ng mga larong pambata, sapagka't abala ka na sa mga bagay na higit mong kinawiwilihan. Sa pagbabago ng kinawiwilihan mo, nagbabago rin ang iyong gawain.

Magugulat ang dati mong mga kaibigan pagka't hindi ka na mahilig sa "pagaaliw" na kasama nila sa mga bagay na makasasama sa iyong kalusugan at kaluluwa. Hindi nila nauunawaang napasimulan mo na ang isang buhay na may ibayong kagalakan, higit na kapaki-pakinabang, at nakasisiyang mga gawain.

Dapat mo bang balikan pa ang mga bagay na alam mong di-nakasisiya? Tanungin mo ang taong dating kumakain ng mga napupulot sa basurahan at pagkatapos ay naanyayahang kumain araw-araw sa bahay ng isang mayamang kaibigan, kung babalikan pa niya ang basurahan.

### Ang Gagawin Mo

2. Nagbago na ba ang mga kinawiwilihan mo mula ng tanggapin mo si Jesus bilang iyong Tagapagligtas? ______________
3. Nagbago na ba ang mga gawain mo? ______

## Ang Iyong Bagong Hilig

Bilang anak ng Diyos, bago na ang mga hilig mo. Dahil dito'y makikilahok ka sa kilusan ng pangkat at tatanggap ng pananagutan. Gagawin mo pa rin ang dating bagay, tulad ng paggawa, pagkain, pagtulog, at mga gawain sa bahay - nguni't ang tunay mong buhay ay mabubuhos sa mga bagong hilig mo.

Higit sa lahat, kung mahal mo ang isang tao, ibig mong lagi siyang makapiling at malugod. Ngayong mahal mo ang Diyos, nanaisin mong kapiling Siya at sisikapin mong makalulugod sa Kanya ang gawain mo.

### Ang Gagawin Mo

4. Ang pangunahing kinawiwilihan ng anak ng Diyos ay

----- a) ang pagkakamal ng salapi.

----- b) ang pag-aaliw.

----- k) ang paggugol ng panahon sa piling ng kanyang Ama at ang paggawa ng mga bagay na makalulugod sa Kanya.

Sagot: 4. k) ang paggugol ng panahon sa piling ng kanyang Ama at ang paggawa ng mga bagay na makalulugod sa Kanya.

Kinawiwilihan nating mainam ang ukol sa Kaharian ng Ama na inihahanda Niyang itatag sa lupa. May gawain Siya para sa bawa't isa sa atin. Magkakasama tayong naghanda para sa pagdating ni Jesu-Cristo upang maghari sa lahat ng bansa, paghaharing may katuwiran at kapayapaan.

### Ang Gagawin Mo

5. Ano ang nadarama mo sa pagkaalam na inaasahan ng Diyos ang iyong tulong upang maihanda ang mga bagay para sa pagbabalik ni Jesus?

   ----- a) kaligayahan dahil sa ganitong karangalan at karapatan.

   ----- b) kalungkutan pagka't kailangan pala akong gumawa para sa Diyos.

6. Kung ang sagot mo sa tanong na 5 ay "a)" pasalamatan mo ang Diyos dahil sa karapatang makabahagi sa Kanyang gawain at Kaharian. Kung ang sagot mo'y "b)", ipinapayo nami'y idalangin mo ito.

Sapagka't bago na ang mga kinawiwilihan mo sa Kaharian ng Diyos, magiging abala ka't masaya. Narito ang ilang gawaing magbibigay ng bagong layunin at kahulugan sa iyong buhay.

## Pagdalo Sa Iglesya

Nagtatag ng mga iglesya ang pamilya ng Diyos. Ang mga Cristiano sa isang purok ay palagiang nagtitipon upang sumamba sa Diyos, magtulungan sa buhay espirituwal, at ganapin ng mabisa ang iniatang sa kanila ng Dios.

Ang pagtitipong ito, o gawain ng iglesya, ay maaaring idaos sa tahanan o sa isang gusali na inihandog sa Diyos para sa ganitong layunin.

Nanaisin mong dumalong madalas sa mga gawaing ito at magsama ng mga kaibigan upang makarinig ng ebanghelyo. Maiibigan mo ang pakikipagkaisa sa mga kapatid kay Cristo, at higit sa lahat, ang pakikisama ng Panginoon sa panahon ng pananambahan.

Nanaisin mong maging kaanib ng isang iglesya sa lalong madaling panahon: isang iglesyang naglilingkod sa Diyos at ipinangangaral ang ebanghelyo. Makibahagi ka sa palatuntunan ng iglesya, at tamasahin mo ang hatid nitong kapakinabangan at pagpapala. Tutulungan ka ng mga araling ito na maging mabuting kaanib.

### Ang Gagawin Mo

7. Kung nais mong gumawa nang lalong mabisa para sa Diyos at malasap ang pagpapalang dulot ng pakikipagkaisa sa kapuwa Cristiano, dapat kang

----- a) lumayo sa mga nakatatag ng iglesya.

----- b) dumalo sa iglesya nguni't huwag maging kaanib.

----- k) umanib sa isang mabuting iglesya at makibahagi sa kanyang palatuntunan.

Sagot: 7. k) umanib sa isang mabuting iglesya at makibahagi sa kanyang palatuntunan.

Ano ang mangyayari kung balang araw ay may pastor o ibang Cristianong makasakit ng iyong damdamin, bagama't hindi niya sinasadya ang kanyang sinasabi? Kapag may anak na nakasusugat ng damdamin ng isa niyang kaanak, hindi naman umaalis ng tahanan ang mga iyon. Nguni't kapag nangyayari ito sa iglesya, may mga Cristianong nagsasabi: "Nasaktan niya ang damdamin ko. Hindi na ako babalik sa iglesyang iyon. Sasamba na lang ako sa Panginoon sa bahay." Kaiingat ka! Ito'y paboritong pandaya ni Satanas upang papanghinain ang isang Cristiano at ihiwalay siya sa Panginoon.

Tandaan, inaasahan ng Ama na makaisa ang Kanyang mga anak sa Kanyang tahanan. Ang gusali'y maaaring aba, at hindi mo nagugustuhan ang lahat ng ginagawa roon; subali't kailangan ka ng makipagkaisa sa mga kapatid kay Cristo at magsalo-salo kayo sa hapag ng Ama upang tumanggap ng pagkaing kailangan ng iyong kaluluwa.

At huwag nating kaligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon gaya ng ginagawa ng ilan kundi palakasin ang loob ng isa't isa Hebreo 10:25.

### Ang Gagawin Mo

8. Kung may sinabi ang pastor na nakasakit sa damdamin mo

------ a) huwag ka nang dumalo sa iglesya.

------ b) kumuha ka ng ibang pastor.

------ k) patawarin mo siya at patuloy kang dumalo sa gawain sa iglesya.

9. Sauluhin ang Hebreo 10:25.

Sagot: 8. k) patawarin mo siya at patuloy kang dumalo sa gawain sa iglesya.

## Pagbabasa Ng Biblia

Binanggit na natin ang kahalagahan ng pagbabasa ng Biblia araw-araw. Magagawa mo bang anyayahan ang iba pang kaanib ng iyong pamilya para sa pagbabasa ng Biblia at pananalangin? Ang tawag dito'y "family altar" o debosyong pampamilya. Magiging tunay na pagpapala ito sa inyong tahanan. Papatnubayan kayo at palalakasin ng Salita ng Diyos. Sa debosyong pampamilya, magkakasama ninyong idinadalangin ang mga problema at pangangailangan ng bawa't kaanib ng pamilya.

### Ang Gagawin Mo

10. Ang tawag na "debosyong pampamilya" o "family altar" ay nangangahulugang

------ a) isang gawain sa iglesya na dinadaluhan lamang ng mga pamilya.

------ b) nagtitipon ang kaanib ng isang pamilya upang manalangin at magbasa ng Biblia sa loob ng tahanan.

Sagot: 10. b) nagtitipon ang kaanib ng isang pamilya upang manalangin at magbasa ng Biblia sa loob ng tahanan.

## Panalangin: Kailan Mananalangin

Ang panalangin ay isa sa pinakamahalagang bagay na magagawa ng isang Cristiano. Kapag sinagot ng Diyos ang iyong panalangin, kaisa mo ang Diyos sa paggawa. Kaya't mag-ukol ka ng panahon sa pananalangin.

▲ Pagkagising mo, manalangin sa Diyos at magkakaroon ka ng kalakasang pisikal, moral, at espirituwal para ilaban sa mga suliranin sa maghapon.

▲ Pasalamatan ang Diyos dahil sa pagkain bago mo kainin.

▲ Idaos ang debosyong pampamilya sa umaga o kaya'y sa gabi.

▲ Samantalahin ang mga oras ng panalangin sa panahon ng pagsamba sa iglesya at pagdating mo bago simulan ang pananambahan. Ang wika ng Diyos: "Ang aking bahay ay tatawaging bahay ng pananalangin."

▲ Buksan sa Diyos ang iyong puso anumang oras, pasalamatan siya sa Kanyang mga pagpapala, o hingin ang Kanyang tulong. Hindi naman kailangang lagi kang magsasalita kung nananalangin. Alam ng Ama ang iniisip mo.

▲ Bago ka matulog sa gabi, pasalamatan ang Diyos sa ginawa Niyang pag-iingat sa iyo sa maghapon. Ihingi ng tawad ang anumang kasalanang nagawa mo, at ipagkatiwala sa Kanya ang iyong sarili sa buong magdamag.

### Ang Gagawin Mo

11. Lagyan ng pananda ang bawa't panahong iminumungkahi para sa panalangin, kung ginaganap.

## Panalangin: Paano Mananalangin

Sasabihin mo marahil: "Hindi ako marunong manalangin." Hindi naman ito mahirap. Kausapin mo ang Diyos na parang nakikipag-usap sa isang kaibigan. Tutulungan ka ng Espiritu Santo.

Isipin ang lahat ng nagawa ng Diyos para sa iyo at pasalamatan mo Siya sa marami Niyang pagpapala. Idulog sa Kanya ang pangangailangan mo at ng mga mahal mo sa buhay. Idalangin ang kaligtasan ng iyong mga kaibigan at kamag-anak. Idalangin ang iyong pastor, iglesya, mga kapatid sa Panginoon, at ang gawain ng Diyos sa buong sanlibutan. Idalangin ang mga Cristiano at pati ang kanilang suliranin. Idalangin ang iyong bansa. Simulan mong manalangin at madali mong matututuhan ang paraan.

Nagbigay si Jesus ng isang huwarang maisasaulo mo at magagamit sa iyong pananalangin.

**Ang Panalangin Ng Panginoon**

Ama naming nasa langit, Sambahin nawa ang pangalan mo. Ikaw nawa ang maghari sa amin, sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit. Bigyan mo kami ng pagkaing kailangan namin sa araw na ito; At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, Tulad rin naman ng aming pagpapatawad sa mga nagkakasala sa amin, at huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok, Kundi iadya mo kami sa masama! (Sapagka't iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan at ang kapurihan, magpakailanman. Amen.) Mateo 6:9-13.

**Ang Gagawin Mo**

12. Sauluhin ang Panalangin ng Panginoon.

**Pagsaksi**

Ito'y pagsasabi sa iba ng nagawa ng Diyos para sa iyo. Magagawa mo ito sa tahanan, sa lansangan, sa iglesya, o kahit sa sulat. Kung paano kang kinausap ng iba tungkol kay Cristo gayon sumasaksi ka sa iyong mga kaibigan at kamaganak. Idalangin mong tanggapin din nila ang Panginoon nang hindi sila mapunta sa impiyerno.

Binibigyang-diin ng Biblia ang hayagang pagsasabi ng ating pananalig kay Cristo, upang malaman ng iba na Siya ang ating Tagapagligtas. Sinabi ni Cristo: "Kayo'y magiging saksi ko." Kung kailangan mo ang lakas ng loob, hingin ito sa Diyos at ibibigay sa iyo. Marami ang takot sumaksi, gaya mo marahil ngayon, nguni't naiwaksi nila ito at tumanggap ng malaking pagpapala at panibagong kalakasan sa pagsaksi para kay Cristo. Sinabi ng Panginoong Jesus:

> "Ang sinumang kumilala sa akin sa harapan ng mga tao ay kikilalanin ko rin naman sa harapan ng Aking Ama." Mateo 10:32.
>
> "Kapag ang sinuman ay nahiyang kumilala sa akin at sa aking mga salita sa harapan ng lahing ito na makasalanan at hindi tapat sa Diyos, ikahihiya rin siya ng Anak ng Tao, pagparito niya na taglay ang dakilang kapangyarihan ng Kanyang Ama, at kasama ang mga banal na anghel." Marcos 8:38.

### Ang Gagawin Mo

13. Nais ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay

------ a) manahimik tungkol sa ginagawa Niya para sa kanila.

------ b) sabihin sa iba ang nagawa Niya para sa kanila.

Sagot: 13. b) sabihin sa iba ang nagawa Niya para sa kanila.

## Pag-awit sa Panginoon

Sa tahanan o sa iglesya, ang mga awit mo'y tutulong, magpapasigla, at magpapala sa iyo at sa iba. Kahit na di maganda ang iyong tinig: ang mahalaga ay pinupuri mo ang Diyos sa kaibuturan ng iyong puso.

> Umawit kayo ng mga salmo, mga imno, at mga awiting espirituwal, na may pagpapasalamat sa Diyos. Colosas 3:16.

### Ang Gagawin Mo

14. Upang makaawit, ang pinakamahalaga'y

------ a) magkaroon ng magandang tinig.

------ b) umawit siya sa iglesya.

------ k) umawit siya sa kaibuturan ng kanyang puso at sa kapurihan ng Diyos.

Sagot: 14. k) umawit siya sa kaibuturan ng kanyang puso at sa kapurihan ng Diyos.

### Pangangaral Ng Ebanghelyo

Mahalagang mahalagang gawain ito ng iglesya. May mga tinawag upang mag-ukol ng buong buhay nila sa gawaing ito. Tumanggap sila sa Diyos ng pananagutang maging pastor, ebanghelista, at misyonero.

### Pagkakaloob

Ang pangangaral ng Ebanghelyo ay gawain ng buong pamilya ng Diyos, kaya't hinihingi ng Ama sa bawa't anak Niya ang ikasampung bahagi ng kinikita upang makatulong sa gugulin. Ikapu ang tawag dito. Ang salaping ito'y ginagamit sa pambayad sa upa sa mga tanggapan, sa pagpapagawa ng mga gusali ng iglesya, sa pangangailangan ng pastor, upang maiukol niya ang buong panahon sa gawain ng Diyos, at pambayad sa konsumo sa ilaw, tubig, at pagpapakumpuni ng iglesya. Ang kaloob nati'y nakatutulong din upang mapalaganap ang Ebanghelyo sa pamamagitan ng radyo, babasahin, kursong tulad nito, at pagmimisyon sa buong sanlibutan.

### Ang Gagawin Mo

15. Ang ikapu'y pagbibigay ng

------ a) ikasampung bahagi ng iyong kita para sa Diyos.

------ b) ikasampung bahagi ng lahat ng iyong ari-arian para sa Diyos.

----- k) ikaapat na bahagi ng iyong kita para sa Diyos.

Sagot: 15. a) ikasampung bahagi ng iyong kita para sa Diyos.



Ang iyong ikapu at handog ay bahagi ng pagsamba sa Diyos. Ito'y pagsasabi ng "salamat po" dahil sa Kanyang mga pagpapala. Dahil dito, magiging katuwang ka rin Niya sa dakilang gawain ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa buong sanlibutan.

Binibigyan ka ng Diyos ng lakas upang gumawa, at ang isa lamang ng bawa't ikasampung araw ang ibinibigay mo sa Kanya. Ang kita mo sa araw na yaon ay makatutulong upang mabuksan ang pinto ng iglesya at maipangaral ang Ebanghelyo. Kaya sa pamamagitan ng iyong ikapu, ipinangangaral mo ang Ebanghelyo.

May tatlong uri ng pagpapalang bunga ng iyong pagkakaloob:

▲ Pagpapalang espirituwal.

▲ Kasiyahan. Nagagalak ka na maging kaanib na maaasahan ng pamilya ng Diyos na nagdadala ng iyong bahagi sa pasanin.

▲ Kaunlaran. Hindi mo malalampasan sa pagbibigay ang Diyos. Pinauunlad yaong nagbabayad ng kanilang ikapu. Libu-libong Cristiano ang makapagsasabi sa iyo kung paano nila naranasan ito.

> "Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig... at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." Malakias 3:10.
>
> Sapagka't ang ibig ng Diyos ay kusang pagkakaloob. 2 Corinto 9:7.

### Ang Gagawin Mo

16. Nangako ang Diyos na pasasaganain yaong
    - ----- a) mag-iimpok ng bawa't baryang maiipon nila
    - ----- b) nagbibigay ng kanilang ikapu.

Sagot: 16. b) nagbibigay ng kanilang ikapu.

## Pagtulong Sa Anumang Paraang Kaya Mo

Anuman ang gawin mo para sa Panginoon, ikaw ay espirituwal na lalago: kahit na ang pagwawalis ng iglesya, o pagdaraos ng gawain sa inyong purok, o Paaralang Panglinggo sa inyong

tahanan. Sumangguni sa pastor sa magagawa mo para sa Panginoon.

**Ang Gagawin Mo**

18. Ang Cristiano'y dapat

------ a) mag-alok ng kanyang paglilingkod sa pastor upang makatulong sa anumang paraang kaya niya.

------ b) maghintay na hingan ng tulong ng kanyang pastor.

Sagot: 18.a) mag-alok ng kanyang paglilingkod sa pastor upang makatulong sa anumang paraang kaya niya.

## Pakikibahagi Sa Mga Samahan Sa Iglesya

Maraming samahan sa iglesya. Ang Paaralang Panglinggo'y para sa lahat. Maaari kang maging kaanib ng isa sa mga klase rito at maayos na mag-aral ng Salita ng Diyos. Huwag kaliligtaan ang pagkakataong ito. May kani-kaniyang samahan ang kalalakihan, kababaihan, kabataan, at mga bata. Sa kanilang pulong ay sumasamba sila sa Panginoon at nagsasagawa ng iba't ibang proyekto para sa Kanya. Sinisikap ng pangkating ito na maabot, maturuan, at matulungan ang nangangailangan nito. Bagama't bahagya lamang ang nagagawa ng isang tao, ang pagkilos ng Diyos sa

magkakasanib sa lakas ng Kanyang mga anak ay magpapasulong sa Kanyang kilusan sa sanlibutang ito.

### Ang Gagawin Mo

19. Kaanib ka ba ng alinmang samahan sa iglesya? ________________


Kung hindi, nais mo bang umanib? ________

Ng aling pangkat? ________________

### Napakaraming Gawain?

Huwag kang mag-alala kung hindi ka makapag-ukol nang panahong kasindami ng maiuukol ng iba. Nauunawaan ito ng Panginoon at tutulungan ka Niyang makagawa ng kaya mo.

Mawiwili ka sa mga gawain ng iyong bagong buhay. Nakasisiyang malaman na tumutulong ka sa iba upang makaiwas sa walang hanggang kaparusahan at masumpungan ang buhay na walang hanggan. At sa lahat ng gagawin mo para sa Panginoon ngayon gagantimpalaan kang sagana sa darating na kaharian.



Ngayong tapos mo na ang unang limang aralin, handa ka na para sagutin ang unang bahagi ng iyong talaan ng mag-aaral. Pagbalik-aralan ang mga Araling 1-5. Sundin ang mga alituntunin sa iyong talaan.



*IKA-6 NA ARALIN*

# ANG BAGO MONG PAMANTAYAN

Sa Araling It o'y Pag-aaralan Mo

Sino Ang Nagtatakda Ng Mga Pamantayan?

Saan Mo Matatagpuan Ang Mga Pamantayan?

Paano Matutugunan Ang Mga Pamantayan?

Mga Pamantayan Sa Pagtatagumpay

## Sino Ang Nagtatakda Ng Mga Pamantayan?

Sa tahanan, ang mga magulang ang nagtatakda ng mga pamantayan. Ipinababatid nila sa mga anak ang dapat nilang ikilos.

Sinasabi ng ama sa mga anak ang kanilang magagawa at hindi magagawa.

Madaling natutuhan ng mga anak na dapat silang mamuhay ayon sa mga pamantayang ito. Kapag sila'y lumabag, itinutuwid sila ng ama. Kung tahasan silang tumangging sumunod, parurusahan sila. Sila'y kaanib pa rin ng pamilya nguni't nagbunga ng mga suliranin at paghihirap ang kanilang pagsuway.

Ang ating Ama sa Langit ang nagtatakda ng mga pamantayan ng dapat at di dapat gawin ng Kanyang mga anak. Nagpaparusa rin Siya upang turuan ang Kanyang mga anak na magpakabuti at maging masunurin.

## Ang Gagawin Mo

1. Sino ang nagtatakda ng mga pamantayan sa isang maayos na tahanan?

   ------ a) ang mga anak.

   ------ b) ang mga kapit-bahay.

   ------ k) ang mga magulang.

2. Sino ang may karapatang magsabi ng dapat ikilos nating mga Cristiano?

   ------ a) ang ating Ama sa Langit.

   ------ b) ang ating kabihasnan.

   ------ k) tayo sa ating sarili.

Mga Sagot: 1. k) ang mga magulang.
2. a) ang ating Ama sa Langit.

### Saan Mo Matatagpuan Ang Mga Pamantayan?

Sa Biblia, ang Diyos ang nagtatakda ng mga pamantayan para sa buhay Cristiano. Ito'y nasa buong Biblia, lalo na sa Bagong Tipan.

Upang huwag mag-alinlangan tungkol sa paraang nais ng Diyos na makita sa Kanyang mga anak, sinugo Niya si Jesus upang ituro at ipakita sa atin ang paraan. Siya ang sakdal na halimbawa at huwaran ng pamumuhay Cristiano.

Inilarawan ni Jesus ang mga pamantayan para sa pamumuhay Cristiano sa dakilang "Sermon sa Bundok", makikita sa Mateo, kabanatang 5,6, at 7.

#### Ang Gagawin Mo

3. Sino ang nagbigay sa iyo ng sakdal na huwaran para sa buhay Cristiano?

   ------ a) ang pastor.

   ------ b) si Jesu-Cristo.

   ------ k) ang ibang mga Cristiano.

4. Ang "Sermon sa Bundok" ay matatagpuan sa mga kabanatang

   ------ a) 5, 6 at 7 ng Mateo.

   ------ b) 5, 6 at 7 ng Marcos.

   ------ k) 5, 6 at 7 ng Juan.

5. Sa "Sermon sa Bundok," si Jesus ay

----- a) nagsalita tungkol sa pananampalatayang makakikilos ng bundok.

----- b) nagpanayam tungkol sa mga bundok sa palibot ng Jerusalem.

----- k) nagturo ng mga pamantayan sa pamumuhay Cristiano.

Mga Sagot: 3. b) si Jesu-Cristo.

4. a) 5, 6 at 7 ng Mateo.

5. k) nagturo ng mga pamantayan sa pamumuhay Cristiano.

Una sa lahat, sinabi ni Jesus na may tanging pagpapalang bigay ang Diyos sa mga mapagpakumbaba, mapagpayapa, at malinis ang puso -- mga taong inuuna sa kanilang buhay ang Diyos at handang magtiis alang-alang sa Kanya.

Itinuro sa atin ni Jesus na ibigin ang ating mga kaaway at idalangin sila, humingi ng tawad sa ating nasaktan, at gawan ng mabuti yaong umapi sa atin. Ang patakaran Niya ukol sa pakikisama'y siyang pinakamabuting naibigay ng sinuman.

## Ang Gagawin Mo

6. Basahin ang Mateo Kabanatang 5.

## Ang Gagawin Mo

7. (Pumili ng dalawa.) Bilang isang bahagi ng huwaran sa buhay, itinuro ni Jesus na

----- a) magpakumbabang-loob ka.

----- b) unahin mo ang Diyos at gawin ang nais Niya.

----- k) maghiganti laban sa umapi sa iyo.

----- d) bigyang laya ang sarili sa lahat ng bagay.

8. (Pumili ng dalawa.) Sa Mateo 5:13, 14 ay itinuro ni Jesus na ang mga anak ng Diyos ay

----- a) parang asin sa sangkatauhan.

----- b) hindi nagkamali kailanman.

----- k) parang ilaw sa sanlibutan.

----- d) parang magandang bulaklak.

9. (Pumili ng dalawa.) Sa Mateo 5:21-30, nagbababala si Jesus sa

----- a) pagsusugal.

----- b) poot at paghihiganti.

----- k) malaswang isipan at pangangalunya.

----- d) pagbabayad ng ikapu.

10. Sa Mateo 5:43-48, inuutusan tayong

----- a) umibig lamang sa umiibig sa atin.

----- b) umibig sa ating mga kaaway.

Mga Sagot: 7. a) magpakumbabang-loob ka.

b) unahin mo ang Diyos at gawin ang nais Niya.

8. a) parang asin sa sangkatauhan.
   k) parang ilaw sa sanlibutan.

9. b) poot at paghihiganti.
   k) malaswang isipan at pangangalunya.

10. b) umibig sa ating mga kaaway.

Binigyan tayo ni Jesus ng batayang tuntunin sa pakikitungo sa kapuwa; ito'y tinatawag na Ginintuang Tuntunin:

> Kaya gawin ninyo sa inyong kapuwa ang ibig ninyong gawin nila sa inyo. Ito ang kahulugan ng kautusan ni Moises at ng turo ng mga propeta. Mateo 7:12.

Huwag tayong magmataas, magmakasarili, makipag-away, o mamintas. Huwag natin pag-isipan ang bawal na pag-iibigan o masasamang pita.

Unahin natin ang nais Niyang ating gawin upang malugod ang Diyos. Hindi natin maaaring gawing layunin ang panlupang kayamanan at paglingkuran pa rin ang Diyos; nguni't kung unahin natin Siya, tutustusan Niyang lahat ang kailangan natin. At saka anumang gawin natin para sa Kanya'y gagantihan sa Langit ng mga kayamanang hindi kukupas.

## Ang Gagawin Mo

11. Basahin ang Mateo Kabanatang 6.
12. Ang batayang tuntuning tinatawag na "Ginintuang Tuntunin" ay

    ----- a) ang paggamit ng ginto sa mga bagay na mapapakinabangan.

    ----- b) ang paggawa sa kapuwa ng ginagawa nila sa atin.

    ----- k) ang paggawa mo sa kapuwa ng nais mong gawin din nila sa iyo.

13. Sa Mateo 6:19-21, sinabi ni Jesus na dapat tayong magtipon ng kayamanan.

    ----- a) sa Langit.

    ----- b) sa lupa.

Mga Sagot: 12. k) ang paggawa mo sa kapuwa ng nais mong gawin din nila sa iyo.

13. a) sa Langit.

## Paano Mo Matutugunan Ang Mga Pamantayan?

Alam ni Jesus na walang makagaganap ng mga tuntuning ito kung hindi siya tutulungan ng Diyos. Kaya't tinuruan Niya ang Kanyang mga alagad na manalangin sa Amang nasa Langit at hiniling din Niya sa Diyos na tulungan ang mga alagad. Binigyan Niya sila ng huwarang pana-

langin, sa Mateo 6:9-13, na tinatawag nating Panalangin ng Panginoon. Madalas nating sambitin ito kung tayo'y mananalangin.

Higit sa lahat sinugo ng Ama ang Kanyang Espiritu Santo upang manahan sa iyo at tulungan ka. Ito'y mapag-aaralan mo pa sa susunod na kabanata. Huwag kang mag-alala kung hindi mo pa napag-isipan ang inaasahan sa iyo ng Diyos; tutulungan ka Niya sa bawa't paghakbang mo.

## Ang Gagawin Mo

14. Ibinigay ni Cristo ang huwarang panalanging nagtuturo sa atin na

    ------ a) manalangin sa mga santo.

    ------ b) manalangin sa mga ninuno.

    ------ k) manalanging tuwiran sa Diyos.

15. Ang Panalangin ng Panginoon ay

    ------ a) panalanging inusal ni Cristo sa krus.

    ------ b) huwarang panalanging matatagpuan sa "Sermon sa Bundok."

    ------ k) panalangin ni Cristo nang Siya'y nasa Getsemani.

16. Basahin ang Mateo Kabanatang 7.

Mga Sagot: 14. k) manalanging tuwiran sa Diyos.
15. b) huwarang panalanging matatagpuan sa "Sermon sa Bundok."

## Mga Pamantayan sa Pagtatagumpay

Ipinaalaala sa atin ni Jesus na ang Kanyang mga patakaran ay huwaran sa ikapagtatagumpay sa buhay. Ang ating buhay ay parang gusali. Ang ating mga iniisip, sinasabi, at ginagawa ay mga blokeng bato sa gusaling ito. Habang inaayos natin sa ibabaw ng pundasyon ng Kanyang pagtuturo, nakabubuo tayo ng isang katauhang makatatagal sa mga pagsubok sa buhay.

Sinumang namumuhay ayon sa ibig niya, at hindi sumusunod sa mga pamantayan ni Jesus, ay mabibigong tulad ng bahay na itinayo sa buhanginan, walang anumang pundasyon. Hindi siya makatatagal pagdating ng mga pagsubok.

Kung nais mong maging matagumpay na Cristiano, itayo ang iyong buhay sa ibabaw ng turo ni Cristo, at sundin ang Kanyang pamantayan. Tutulungan ka ng Espiritu Santo upang magawa ito.

### Ang Gagawin Mo

17. Ang taong sumusunod sa turo ni Cristo at ginagamit itong saligan ng kanyang buhay Cristiano ay gaya ng

----- a) taong nagtayo ng bahay sa ibabaw ng bato.

----- b) taong nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan.

Sagot: 17. a) taong nagtayo ng bahay sa ibabaw ng bato.



*IKA-7 ARALIN*

# MAYROON KANG KATULONG

Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo

Ang Espiritu Santo Ay Katulong Mo

Ang Bunga Ng Espiritu Santo

Paglakad Sa Espiritu

Ang Kapangyarihan Ng Espiritu Santo Sa Iyo

Mga Kaloob Ng Espiritu

## Ang Espiritu Santo Ay Katulong Mo

Sa mga sandaling ito'y nasasabi mo marahil "Naguguluhan ako. Hindi ko alam kung kaya kong mamuhay ng isang Cristiano o hindi

Napakaraming bagay na dapat gawin, at ni hindi ko matandaang lahat, kaya't lalong hindi ko magagawa."

Huwag kang manlupaypay; hindi naman ito kasinghirap ng palagay mo pagka't dumating ang Espiritu Santo upang maging katulong mo. Ang buhay Cristiano ay hindi kalipunan ng mga batas, na dapat mong gawin, at pagsusumikap mong bumuti. Ito'y salig sa pagtanggap mo sa nagawa sa iyo ng Diyos, at pagpapaubaya sa Espiritu Santo na makapanahan sa iyo.

## Ang Gagawin Mo

1. Sino ang Katulong na sinugo ng Diyos upang makasama mo sa lahat ng oras?
   ______ a) isang pari
   ______ b) isang pastor
   ______ k) ang Espiritu Santo
2. Ang buhay Cristiano ay
   ______ a) isang kalipunan ng mga tuntuning
   ______ dapat mong sundin.
   ______ b) ang patuloy mong pagsusumikap na bumuti.
   ______ k) ang pagsisikap na maging gaya ni Cristo.
   ______ d) ang pagpapaubaya sa Espiritu Santo na makapanahan sa iyo.

Mga Sagot: 1. k) Ang Espiritu Santo. 2. d) ang pagpapaubaya sa Espiritu Santo na makapanahan sa iyo.



Ang Espiritu Santo'y maaaring dumako sa lahat ng lugar nang sabay-sabay. Nang naririto sa lupa si Jesus, maaaring dumako Siya sa isang lugar sa isang panahon lamang. Nang magbalik Siya sa Langit, sinugo Niya ang Espiritu Santo upang manahanan sa atin, pumatnubay at tumulong sa ating mga suliranin.

> Dadalangin ako sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng isa pang Mang-aaliw at magiging kasama ninyo magpakailanman. Nguni't ang Mang-aaliw, ang Espiritu Santo na susuguin ng Ama sa pangalan ko na siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalaala ng lahat ng sinabi Ko sa inyo. Juan 14:16,26.

## Ang Gagawin Mo

3. Ang Espiritu Santo'y dumating upang
   ______ a) makasama ng bawa't Cristiano sa lahat ng oras.
   ______ b) makasama ng ilan sa mga Cristiano.

Sagot: 3. a) makasama ng bawa't Cristiano sa lahat ng oras.

## Ang Bunga Ng Espiritu Santo

Ang pananatili ng Espiritu Santo sa iyong buhay ay gumagawa ng bunga, at ito'y tinatawag na ang bunga ng Espiritu. Binibigyan ka Niya ng pagnanasang gumawa ng mabuti, at saka binibigyan ka Niya ng lakas na gawin ito. Habang napaakay ka sa Kanya at napatutulong sa ganitong paraan, lilikhaan ka Niya ng isang kahanga-hangang katauhang Cristiano. Parang masarap na prutas ang iyong maayos na paguugali, pagsasalita, at paggawa. Ikagagalak ng iyong pamilya at mga kaibigan na makapiling ka, subali't higit sa lahat ang bunga ng Espiritu ay makalulugod sa iyong Ama sa langit.

> Subali't ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan at pagpipigil sa sarili. Walang utos laban sa ganitong mga bagay. Galacia 5:22, 23
>
> Napararangalan ang Ama kung kayo'y namumunga nang sagana at sa gayo'y napatutunayang mga alagad ko kayo. Juan 15:8

### Ang Gagawin Mo

4. Ang "bunga ng Espiritu" ay
   ——— a) mga kaluluwang naligtas sa isang kampanyang ebangelistiko.
   ——— b) ang mabubuting katangiang ibinubunga sa ating katauhan ng Espiritu Santo.
5. Sauluhin ang Galacia 5:22, 23.

Sagot: 4. b) ang mabubuting katangiang ibinubunga sa ating katauhan ng Espiritu Santo.

**Paglakad Sa Espiritu**

Likas lang sa atin na pairalin ang sariling kagustuhan. Ganito ang likas ng tao. Ibig nating masunod ang ating kagustuhan sa halip na yaong dapat nating gawin. Kaya nga dapat tayong makinig sa panloob na tinig ng Espiritu Santo habang inuudyokan Niya tayong gumawa ng kalooban ng Diyos, at pinahahayag sa atin ang daan.


> Ito ang sinasabi ko sa inyo: ang Espiritu ang gawin ninyong patnubay sa inyong buhay at huwag ninyong susundin ang pita ng laman. And Espiritu ang nagbibigay-buhay sa atin kaya ito rin ang dapat maghari sa ating mga buhay., Galacia 5:17, 25

**Ang Gagawin Mo**

6. Ang mga salitang "huwag ninyong susundin ang pita ng laman," sa Galacia 5:16, ay nangangahulugang
   _____ a) hindi makakamit ang iyong kailangan.
   _____ b) magiging bigo ka sa buhay.
   _____ k) magtatagumpay ka sa likas na pagsunod sa iyong sariling kagustuhan.

Sagot: 6. k) magtatagumpay ka sa likas na pagsunod sa iyong sariling kagustuhan

Pangungunahan ka't palalakasin ng Espiritu ng Diyos nguni't hindi ka Niya papasanin paakyat sa langit. Dapat mong gamitin ang iyong mga paa. Makipagtulungan ka sa Espiritu Santo at hayaang Siya ang pumatnubay sa iyo. Ayon sa Biblia ito'y tinatawag na paglakad sa Espiritu. Ginagawa mo na ito sa pagbabasa ng Biblia at pagganap ng turo nito.



## Ang Gagawin Mo

7. Ang paglakad sa Espiritu ay
   _____ a) pamumuhay sa walang katapusang kagalakan.
   _____ b) pagsunod sa pangunguna ng Espiritu Santo sa iyong pang-araw-araw na gawain.

Sagot: 7. b) pagsunod sa pangunguna ng Espiritu Santo sa iyong pang-araw-araw na gawain.

## Ang Kapangyarihan Ng Espiritu Santo Sa Iyo

Alam ni Jesus na kakailanganin ng Kanyang mga alagad ang kapangyarihang higit kaysa kanila sa paggawa ng dapat gawin para sa Diyos. Kaya't pinaghihintay silang mapuspos ng Espiritu Santo upang tumanggap ng kapangyarihang maging saksi Niya sa buong sanlibutan.

> Hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama, na sinabi Ko na sa inyo. Nagbautismo nga sa tubig si Juan, nguni't di na magtatagal at babautismuhan kayo sa Espiritu Santo. . . Ngunit's bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig. Gawa 1:4,5,8.

Sinabi ni Juan tungkol kay Jesus:

> Nguni't ang darating na kasunod ko ang magbabautismo sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Lucas 3:16.

### Ang Gagawin Mo

8. Basahing makaitlo ang Gawa 1:4,5, 8.
9. Sinabi ni Juan na si Jesus ay magbabautismo
   _____ a) sa tubig tungo sa pagsisisi.
   _____ b) sa Espiritu Santo at sa apoy.

Sagot: 9. b) sa Espiritu Santo at sa apoy.

Nasa Aklat ng mga Gawa ang kapana-panabik na kasaysayan sa pagtupad ng Diyos ng pangakong ito sa Araw ng Pentecostes, at ang kahanga-hangang ibinunga.

> At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu. May mga Judiong buhat sa iba't ibang bansa na naninirahan noon sa Jerusalem, mga taong palasamba sa Diyos... Sa kanilang pagtataka ay kanilang nasabi: "Hindi ba Galileo silang lahat? .... mga taga Creta at mga taga Arabia... gayunma'y naririnig natin silang nagsasalita sa atin-ating wika tungkol sa mga kahanga-hangang gawa ng Diyos. Gawa 2:4,5,7,11.

Ang bautismong ito sa Espiritu Santo, o pagkapuspos ng Espiritu Santo, ay tinatawag ding karanasang Pentecostal, pagka't unang naganap ito noong Araw ng Pentecostes. Kapag ang isang tao'y nagsasalita sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo sa wikang hindi niya alam, tinatawag natin itong *"glossalalia."* Ito'y salitang Griyego na ang ibig sabihi'y *"pagsasalita sa iba't ibang wika."* Tinatawag ding *"karanasang charismatic"*, mula sa salitang *"charisma"* na ang ibig sabihin ay kaloob. Ibig sabihin, ito'y isang kaloob ng Espiritu Santo at karanasang di-pangkaraniwan.

**Ang Gagawin Mo**

**10. Ang bautismo sa Espiritu Santo ay tinatawag na**

_____ a) bautismo sa katawan ni Cristo.

_____ b) bautismong lubog.

_____ k) karanasang Pentecostal.

**11. Ang pagsasalita sa ibang wika, sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.**

_____ a) ay glossalalia, o pagsasalita sa iba't ibang wika.

_____ b) ay glosaryo.

_____ k) ay kasanayan sa mga wika.

Mga Sagot: 10. k) karanasang Pentecostal. 11. a) ay glossalalia, o pagsasalita sa iba't ibang wika.

Ipinangako ni Jesus na bibigyan tayo ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang kapangyarihang ito ay para sa dalawang layunin:

▲ Upang tulungan tayong ibalita sa iba ang tungkol kay Jesus.

▲ Upang tulungan tayong manalangin nang lalong mabisa.

Sa pagsaksi at pagdalangin ng mga Cristiano, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, magaganap ang kahanga-hangang mga bagay bilang katugunan sa panalangin at manunumbalik sa Panginoon ang maraming kaluluwa.

Tumayo si Pedro, kasama ng labing-isang apostol, at nagsalita nang malakas. . . . kaya't ang mga naniwala sa Kanyang sinabi ay nagpabautismo; at nadagdag sa kanila ang may 3,000 tao nang araw na yaon. Gawa 2:14, 41

Silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at buong tapang na nangaral ng salita ng Diyos. Gawa 4:31

### Ang Gagawin Mo

12. Ang bautismo sa Espiritu Santo ay ibinigay upang magkaroon ng kapangyarihan ang mga Cristiano upang

_____ a) sumaksi para kay Cristo at mabisang manalangin.

_____ b) papaniwalain ang iba sa kanilang kabanalan.

_____ k) gumawa ng mga himala.

Sagot: 12. a) sumaksi para kay Cristo at mabisang manalangin.

Ang kapangyarihang ito'y para rin sa mga Cristiano ngayon. Buhat nang magsimula ang Siglo 20, ilang angaw na buhat sa iba't ibang denominasyon sa buong daigdig ang nakalasap ng karanasang Pentecostal, ang bautismo ng kapangyarihan.

Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesus-Cristo upang kayo'y patawarin; at ipagkakaloob sa inyo ang Espiritu Santo. Sapagka't ang pangko'y para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo — sa bawa't tatawagin ng Panginoong Diyos natin. Gawa 2:38,39.

### Ang Gagawin Mo

13. Nais mo bang mapasaiyo ang kapangyarihang ito ng Espiritu Santo? Ibig mo bang mag-apoy sa iyong kaluluwa ang ningas ng Diyos upang mapadali ang pagsasabi sa iba tungkol sa Panginoon? ________ Ibig mo bang higit na maging mabisa ang panalangin mo? ________ Ito'y dapat mong maranasan. Hingin sa Diyos na bautismuhan ka sa Espiritu Santo. ______

## Mga Kaloob Ng Espiritu

Nais ni Cristong mapuspos ng kapangyarihang espirituwal ang Kanyang Iglesya, kaya't may kaloob na iba't ibang kakayahan ang Espiritu Santo sa mga kaanib. Sa ganito'y magkakaroon ng bahagi ang bawa't kaanib sa gawain at paglago ng Iglesya.

**Iba't iba ang kaloob, nguni't iisa lamang ang Espiritung nagkakaloob ng mga ito. Ang bawa't isa'y binigyan ng kaloob na naghahayag na sumasakanya ang Espiritu, para sa ikabubuti ng lahat . . . Nguni't iisa lamang Espiritu ang gumagawa ng lahat ng ito at namamahagi ng iba't ibang kaloob, ayon sa kanyang maibigan.**

**I Corinto 12:4,7,11.**

## Ang Gagawin Mo

14. Ang mga kaloob ng Espiritu Santo ay para sa
    ___ a) mga apostol ng Unang Iglesya lamang.
    ___ b) mga mangangaral lamang.
    ___ k) mga kaanib ng iglesya ngayon.
15. Idalanging ipagpatuloy ng Diyos ang Pentecostal na pagbabagong-buhay sa buong daigdig.
16. Idalanging pagkalooban ng Espiritu Santo ang mga kaanib sa inyong iglesya ng mga kaloob.

Sagot: 14. k) mga kaanib ng iglesya ngayon.

## IKA-8 ARALIN



# Ang BUHAY MO'Y ISANG ILAW

Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo

Ang Ilaw Ng Sanlibutan

Ang Iyong Kandila

Pagkamatapat

Pagsasalitang Gaya Ng Isang Anak Ng Diyos

Pagtulong Sa Kapuwa

Matalinong Pagkilos

Pananatiling Malinis

Maging Mahinhin

Matapat Na Paggawa

Mabuting Pakikitungo Sa Iyong Pamilya

Ang malaking bahagi ng ating pag-uusap hanggang sa bahaging ito'y tungkol sa iyong bagong buhay at pagpapaunlad nito. Sa araling ito'y tatalakayin natin ang bisa ng iyong buhay sa mga nakapaligid sa iyo.

## Ang Ilaw Ng Sanlibutan

Itinuturo sa atin ng Biblia na ang kasalanan, kamalian, at kamangmangan tungkol sa Diyos ay parang kadiliman. Yaong walang Cristo ay kakapa-kapa sa dilim, nawawala, dinaya ni Satanas, at di-makita ang daraanan patungo sa Langit.

Sa awa ng Diyos, sinugo ang Kanyang Anak na si Jesus upang maging Ilaw ng sanlibutan.

> Muling nagsasalita si Jesus sa mga tao. Wika Niya, "Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sumusunod sa akin ay magkakaroon ng ilaw na nagbibigay-buhay, at di na lalakad sa kadiliman." Juan 8:12.

**Ang Gagawin Mo**

1. Sauluhin ang Juan 8:12.

## Ang Iyong Kandila

Ang buhay mo'y parang kandila, ilawan o bumbilya. Ang pagtahan ni Jesus sa iyo'y parang apoy na nagpapaningas sa kandila, o kapangyarihan nakapagpapailaw sa bumbilya.

> Ang diwa ng tao ay ilawan ng Panginoon. Kawikaan 20:27

Ikaw ay kandila at ilawan, ng Diyos. Dapat magliwanag sa ikinikilos mo ang kabutihan at katotohanan ni Jesus.

> Kayo'y ilaw sa sanlibutan . . . Gayon din naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harapan, ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin ang iyong Amang nasa langit. Mateo 5:14,16.

### Ang Gagawin Mo

2. Ikaw'y isang ilaw para sa ibang tao sapagka't

   ______ a) kahanga-hanga ka.
   ______ b) matalino ka.
   ______ k) nagliliwanag sa iyo ang pananatili, kabutihan at katotohanan ni Jesus.

3. Sauluhin ang Kawikaan 20:27.

4. Sauluhin ang Mateo 5:14, 16.

Sagot: 2. k) nagliliwanag sa iyo ang pananatili, kabutihan at katotohanan ni Jesus.

Inilagay ka ng Diyos na isang ilawan sa karimlan upang liwanagan ang mga nasa paligid mo at nang makita nila ang daang patungo sa Tagapagligtas at sa langit. Marami ang nagmamasid sa iyo upang patunayan ang sinasabi mo tungkol sa kapangyarihan ng Diyos. Ang iyong buhay ang nagbabadya ng kapangyarihan ng Ebanghelyong bumago sa isang tao. Ikaw'y saksi para kay Cristo. Ang ginagawa mo, lalo na ang sinasabi mo'y patotoo para sa Kanya.

### Ang Gagawin Mo

5. Ang pamumuhay ayon sa turo ni Jesus ay
   ______ a) napakalakas na patotoong magpapatunay sa katotohanan ng Ebanghelyo.
   ______ b) ay di-mahalaga sa pag-aakay sa mga tao kay Jesus, habang may mabuting pangangaral.
6. Nakakilala ka ba ng tao na ang buhay ay nakaakit sa iyo sa pagsunod kay Jesus? ______________________

7. Ibig mo bang maging maliwanag na kandila para sa Panginoon
   ____________________
8. Bilang ilawan ng Panginoon, handa ka bang dalhin Niya sa pusikit na karimlan upang doon magliwanag?
9. Idalanging ikaw'y magamit ng Panginoon sa bawa't araw sa ikatatagpo ng iba ng daang patungo sa langit.

Sagot: 5. a) napakalakas na patotoong magpapatunay sa katotohanan ng Ebanghelyo.

Tingnan natin ang ilang sinag na nagbubuhat sa buhay ng isang Cristiano at humihikayat sa ibang maniwala sa katotohanan ng Ebanghelyo.

## Pagkamatapat

Ang pagbabayad ng utang kaagad ay magandang patotoo. Dapat maging makatarungan at matapat ang Cristiano sa lahat ng kanyang gawain. Dapat niyang ibalik o bayaran kaagad ang anumang hiniram niya. Hindi siya mapangahas umutang ng halagang hindi niya kayang bayaran. Tumutupad siya sa pangako.

Ibigay ninyo sa bawa't isa ang nararapat sa kanya; magbayad ng buwis sa kinauukulan, gumalang sa nararapat igalang, parangalan ang dapat parangalan. Huwag kayong magkaroon ng sagutin kaninuman. Roma 13:7 8.
Huwag kayong gumanti ng masama sa masama. Hangga't maari, makisama kayong mabuti sa lahat ng tao. Roma 12:17

### Ang Gagawin Mo

10. Ang di-nababayarang utang
    ___ a) ay nagpapahina sa ating patotoo.
    ___ b) ay makakalimutan na kung ginawa bago tayo naligtas.

Sagot: 10. a) ay nagpapahina sa ating patotoo.

## Pagsasalitang Gaya Ng Isang Anak Ng Diyos

Ano ang iisipin ng mga tao sa kapangyarihan ng Diyos na magligtas kung ikaw ay nagmumura, nanunumpa, o nagkukuwento nang malaswa? Magliliwanag ba ang iyong ilaw kung ikaw ay nakikipag-away, nagtsitsismis, namimintas, nagyayabang, magsisinungaling, at marahil ay nagsasalita ng magaspang?

Sa kabilang dako, marami rin naman ang naniwala sa kapangyarihan ng Ebanghelyo dahil sa nabagong pagsasalita ng mga naging Cristiano.

Ang isang bagay na napakahirap gawin ng sinuman ay ang pigilin ang dila. Hindi lang ang sinasabi mo, kundi pati ang himig ng pagsasalita mo'y makatutulong o magtataboy sa mga tao na maging Cristiano.

> Kung inaakala ninuman na siya'y talagang relihiyoso, nguni't hindi naman marunong magpigil ng dila, dinadaya lamang niya ang kanyang sarili at walang kabuluhan ang kanyang pagiging relihiyoso. Santiago 1:26.

**Ang Gagawin Mo**

11. Tanungin mo ang iyong sarili, "Nararamdaman ba ng mga tao ang pag-ibig ng Diyos sa aking pananalita? Sinusugatan ko ba ang kanilang damdamin? Ganoon din ba ang aking pagsasalita kung nasa piling ni Jesus?
12. Patulong ka kay Jesus araw-araw upang makapagsalita ka tulad ng anak ng Diyos

**Pagtulong sa Iba.**

Kung talagang "mahal natin ang ating kapwa gaya ng ating sarili," ipakikita natin ito sa praktikal na paraan sa pagtulong sa mga taong nangangailangan ng ating tulong.

Ganito ang pagkarelihiyoso na minamarapat at kinalulugdan ng ating Diyos at Ama; tulungan ang mga ulila at mga babaing balo sa kanilang kahirapan, at ingatan ang sarili na huwag mahawa sa kasamaan ng sanlibutang ito. Santiago 1:27.

### Ang Gagawin Mo

13. Ang iyo bang iglesya y may tiyak na paraan ng pagtulong sa mga ulila at balo? ______ May bahagi ka ba sa gawaing ito? ______________
14. Alalahanin ang mga taong malapit sa iyo na may suliranin sa buhay. Matutulungan mo ba sila? Ipinakikita mo bang nagmamalasakit ka? Sumangguni sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano ka makatutulong sa sinumang tunay na kaibigang nangangailangan.

### Matalinong Pagkilos

Lumayo kayo sa lahat ng uri ng kasamaan. I Tesalonica 5:22.

Ang kamangmangan ay nagwawasak sa impluensiya ng isang tao. Halimbawa, napakaganda pagmasdan ang pagmamahalan ng magkakapatid kay Cristo, nguni't hindi dapat maging

napakalapit. Ano ang pakahulugan ng iba sa ginagawa ninyo? Magpakatalino ka sa pagkilos. Maging huwaran ka sa iyong ginagawa, at liliwanag ng mabuti para sa Diyos ang iyong ilaw.

> Ingatan mo na ang kalayaang ito ay huwag mapulaan ng iba. Roma 14:16.
> Huwag mong bigyang-daan na hamakin ka ninuman dahil sa iyong kabataan, sa halip, pagsikapan mong maging huwaran ng mga sumasampalataya; sa pananalita, ugali, pag-ibig, pananampalataya at kabanalan. I Timoteo 4:12.

### Ang Gagawin Mo

15. Sa I Timoteo 4:12, sinabi ni Pablo kay Timoteo na maging huwaran ng mga mananampalataya

_____ a) sa pagpapatuloy, pagpipigil, pananalita, at gawa.

_____ b) sa banal na pamumuhay, pagkakawanggawa, ebanghelismo, at kagalakan.

_____ k) sa pananalita, pamumuhay, pag-ibig, pananampalataya, at kalinisan.

Sagot: 15. k) sa pananalita, pamumuhay, pag-ibig, pananampalataya, at kalinisan.

## Mamalaging Malinis

Dapat sundin ng Cristiano ang tuntunin sa kalinisan. Maging halimbawa ng pagiging malinis sa bahay, pananamit at sa katawan. Nguni't higit pa riyan ang kalinisan. Ang iyong katawan ay templo ng banal na Espiritu, kaya't ito'y kailangang maging malinis sa loob at labas. Ang iyong katawan ay di dapat marumihan, manghina o magkasakit dahil sa bisyo o anumang masagwang gawain. Pamalagiin mong malakas at malusog ang iyong katawan upang makapaglingkod ka para sa Panginoon.

### Ang Gagawin Mo

16. (Pumili ng dalawa.) Ang pagiging malinis ay
    - ____ a) hindi mahalaga kung ang tao ay mahirap.
    - ____ b) nakabubuti sa kalusugan ng tao.
    - ____ k) nakabubuti sa ating patotoo.

Mga Sagot: 16. b) nakabubuti sa kalusugan ng tao. k) nakabubuti sa ating patotoo.

Alam ng lahat na ang paninigarilyo ay isa sa pangunahing sanhi ng kanser sa baga na ikinamamatay ng marami. Gayon din naman, pu-

Wala nang hihigit pang pagpapala sa sanlibutang ito kaysa pagkakaroon ng tahanang tunay na Cristiano. Sa tahanang ito'y si Cristo ang Pangulo. Ang bawa't panahanan Niya'y napupuno ng kagalakan, kapayapaan, at pag-ibig. **Ang tahanang Cristiano'y isang kanlungan at kublihan mula sa naglipanang kasalanan at suliranin. Ang tahanan mo'y magiging "munting langit" kung gagawin mo ang sinasabi sa iyo ng Diyos sa Kanyang Salita.**

### Ang Gagawin Mo

1. Ang tahanan mo'y magiging "munting langit sa lupa" kung
   ______ a) may salapi kang maibibili ng mga kasangkapan.
   ______ b) marami kang kaibigan dumadalaw.
   ______ k) sinusunod mo ang turo ng Diyos.

Sagot: 1. k) sinusunod mo ang turo ng Diyos.

### Dumalangin At Gumawa Para Sa Kaligtasan Ng Iyong Pamilya

Makapananalangin kang may pananampalataya, pagka't alam mong ito'y kalooban ng Diyos. Huwag kang mawalan ng loob kung hindi

agad maligtas ang iyong pamilya. Patuloy kang manalangin, manampalatayang tutugunin ka ng Diyos.

> Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka – ikaw at ang iyong sambahayan. Gawa 16:31

### Ang Gagawin Mo

2. Kung hindi kaagad mahikayat ang mga kaanib ng iyong pamilya

_______ a) patuloy mo silang idalangin.
_______ b) huwag na silang idalangin.
_______ k) ipalagay mong hindi na sila ililigtas ng Diyos.

3. Idalangin na ngayon ang bawa't kaanib ng iyong pamilya. Lagi silang ipanalangin araw-araw.

Sagot: 2. a) patuloy mo silang idalangin.

## Maging Mabuting Cristiano Sa Tahanan

Maaari kang magpanggap na isang mabuting Cristiano sa iglesya, nguni't anong uring Cristiano ka sa iyong tahanan?

mupuksa ng libu-libo sa bawa't taon ang alak at opyo. Hindi tayo dapat magpakamatay, biglaan man o dahan-dahan pagka't ito'y "nakapagwawasak sa templo ng Diyos."

> Hindi ba ninyo alam na kayo'y templo ng Diyos at naninirahan sa inyo ang kanyang Espiritu? Parurusahan ng Diyos ang magwawasak ng templo niya. Sapagka't banal ang templo ng Diyos, at kayo ang templong iyan. I Corinto 3:16,17.

## Ang Gagawin Mo

17 Salungat tayo sa paglalasing, paghitit ng opyo, at paninigarilyo sapagka't

____ a) pag-aaksaya ng salapi ang magkaroon ng magastos na bisyo.

____ b) masama ito sa katawan na templo ng Espiritu Santo.

Sagot: 17. b) masama ito sa katawan na templo ng Espiritu Santo.

**Ipinagbababawal Ng Biblia Ang Paglalasing.**

> Huwag kayong maglalasing, sapagka't iya'y nakasisira ng maayos na pamumuhay; sa halip ay sikapin ninyong mapuspos kayo ng Espiritu Santo. Efeso 5:18
>
> Hindi ba ninyo alam na ang mga makasalanan ay walang bahagi sa kaharian ng Diyos? Huwag ninyong dayain ang inyong sarili. Ang mga nakikiapid, sumasamba sa diyus-diyusan, nangangalunya, nakikiapid, sa kapwa lalaki o kapwa babae, ang mga magnanakaw, masasakim, mapaglasing, mapanlait, o magdaraya — ang ganyang mga tao'y walang bahagi sa kaharian ng Diyos. Ganyan ang ilan sa inyo noon. Subali't kayo'y nilinis na sa inyong mga kasalanan; kayo'y itinalaga na sa Diyos; kayo'y pinawalang-sala na sa pangalan ng Panginoon Jesu-Cristo at ng Espiritu ng Diyos. I Corinto 6:9-11

Kung may suliranin ka tulad nito kausapin mo ang inyong pastor. Hilingin sa kanya at sa iglesya na idalangin ka upang ito'y mapagtagumpayan mong lubos. Ang pagbabago ng iyong buhay ay magiging patotoo sa ibang nais mong makalaya rin mula sa kasalanan at bisyo.



### Ang Gagawin Mo

18. Kung nahihirapan ang isang Cristianong maalis ang masasamang bisyo,

_____a) tumigil sa pagdalo sa iglesya.

_____b) gawin ito ng lihim.

_____k) humingi ng dalangin ng kanyang pastor at ng ibang Cristiano.

Sagot: 18 k) humingi ng dalangin ng kanyang pastor at ng ibang Cristiano.

## Maging Mahinhin

Magpakahinhin tayo sa pagsasalita, sa kilos, at sa anyo. Ang kahinhinan ay kasalungat ng kayabangan at karangyaan. Kung kumikilos tayong parang nakahihigit sa iba at hinahamk yaong hindi makapantay sa atin, itataboy natin sila sa pagiging Cristiano sa halip na mahikayat sa Panginoon.

Tandaan nating wala na tayong anumang karapatang ipagmalaki kung sino at ano ang ginagawa natin, o ano ang mayroon tayo. Hindi tayo karapat-dapat sa anumang ginawa ng Diyos o ibinigay ng Diyos. Tandaan, kung hindi Niya tayo kinaawaan at kung hindi Niya tayo binago,

tayo na ang pinakaaba't pinakahamak na makasalanan sa mundo.

Ibig ng palalong tao na mapansin siya ng balana. Sumusunod siya sa pinakahuling moda, nagsusuot ng mamahaling damit at alahas, o kaya'y ipinagyayabang ang kanyang nalalaman at kakayahan. Kung minsan upang mapansin siya, sumasalungat siya sa karaniwang kaugalian sa damit at kilos. Ang mayabang ay namamarali tungkol sa kanyang mga karanasang espirituwal at pagtatalaga ng sarili sa Panginoon. Hindi iyan gawain ng taong mababang-loob at mahinhin. Ayaw niyang siya'y mapansin.

Ang mahinhing Cristiano'y hindi sumusunod sa modang masasagwa, o di dapat sundan ng mga anak ng Panginoon.

May mga talata sa Biblia na nag-uudyok sa mga babae na maging mahinhin at huwag marangya. Likas sa kababaihang magpaganda. Hindi salungat sa kagandahan ng Diyos. Katunayan, ibig Niyang gumanda ang lahat ng Cristiano. Sa Awit 149:4, ipinangako Niyang "pagagandahin ng kaligtasan ang maamo." Nais ng Diyos ang panloob na kagandahan, magandang katauhang nakikita sa masayang mukha. Sinasabi Niya na ang pinakamabuting pampaganda ay ang kaamuan at kapayapaan.

> Sa halip, pagyamanin ninyo ang gandang natatago sa kaibuturan ng puso, ang gandang walang kupas na likha ng mayumi at mahinhing diwa na lubhang mahalaga sa mata ng Diyos. I Pedro 3:4

### Ang Gagawin Mo

19 Ang kahinhinan ay


_____ a) isang katangiang Cristiano.
_____ b) tanda ng pagkadungo.
_____ k) isang uri ng karangyaan.

Sagot: 19. a) isang katangiang Cristiano.

### Matapat Na Paggawa

Dapat tayong kumita sa paggawang matapat at huwag padadala sa pag-ibig sa salapi upang magsugal, tumaya sa palabunutan, o lumahok sa anumang sapalaran. Di kasi, hindi natin gagawin o ipagbibili ang mga bagay na makasasama sa iba.

> Sapagka't ang pag-ibig sa salapi ay siyang ugat ng lahat ng kasamaan. I Timoteo 6:10



Ibig ng Diyos na gumawa tayong mabuti, at huwag maging tamad. Ang mga Cristianong masisipag at hindi dumaraing ay naging patotoo sa maraming amo na tunay nga ang Ebanhelyo.

Huwag ninyong pakanin ang sinumang ayaw gumawa. 2 Tesalonica 3:10.
Pagsikapan ninyong mamuhay nang tahimik. Ang inyong harapin ay ang sarili ninyong gawain. Magpagal kayo para sa inyong ikabubuhay tulad ng sinabi namin sa inyo. Sa gayon, igagalang kayo ng mga hindi pa kumikilala sa ating Panginoon. Bukod dito, hindi iaasa sa iba ang inyong ikabubuhay.
I Tesalonica 4:11,12

## Ang Gagawin Mo

20. Itinuturo ng Biblia na ang taong ayaw gumawa ay

_____ a) magiging panginoon.
_____ b) hindi dapat pakanin.

21. Ang mabuti at mapagkakatiwalaang gawain ay

_____ a) hadlang sa iyong patotoo.
_____ b) paraan upang magliwanag ang iyong ilaw.
_____ k) hindi mahalaga.

Mga Sagot: 20. b) hindi dapat pakanin. 21. b) paraan upang magliwanag ang iyong ilaw.

**Mabuting Pakikitungo Sa Iyong Pamilya.**

Ito'y pag-aaralan mo sa susunod na aralin, nguni't di maiiwan ang paksa ng patotoo na di-binabanggit ang impluensiya ng iyong buhay pantahanan. Marami ang nawalan ng hilig sa Ebanghelyo dahil sa pag-aaway ng mga Cristiano sa kanilang tahanan. Sa kabilang dako, marami sa di-mahilig sa pangangaral ang nahikayat kay Cristo nang makita ang katiyagaan, pag-ibig, at kagalakan ng Panginoon sa isang Cristianong tahanan.

### Ang Gagawin Mo

22. Balikan ang mga paraan ng pagpapaliwanag sa iyong ilaw at patulong sa Panginoon upang magawa mo ang mga ito.

*IKA-9 NA ARALIN*



# ANG PAGKAKAROON NG ISANG MALIGAYANG TAHANAN

Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo

- Dumalangin At Gumawa Para Sa Kaligtasan Ng Iyong Pamilya
- Maging Mabuting Cristiano Sa Tahanan
- Ihingi Ng Tawad Ang Iyong Pagkakamali
- Maging Masayahin
- Panatilihing Banal Ang Pag-aasawa
- Mag-asawa Sa Isang Cristiano
- Maging Ulirang Magulang
- Ituro Sa Mga Anak Ang Pag-ibig Sa Diyos
- Ibigin Ang Iyong Pamilya

### Ang Gagawin Mo

4. Basahin ang Colosas 3 at tingnan kung masusunod mo ang mga turong ito sa inyong tahanan.

**Pinahahalagahan** mo ba ang ginagawa ng iyong asawa? Ang tulong ng iyong mga anak o kapatid? ang pagpapakasakit ng iyong mga magulang para sa iyo?

Mapagmahal ka ba o makasarili? Magagalitin ka ba o mapagpatawad? Mapaghari-harian ka ba, o pinakikinggan mo ang iba? Magalang ka ba't masunurin sa magulang, o masuwayin?

Matulungin ka ba't mapagbigay? o tamad? Nakikipagtulungan ka ba sa iba nang di namimintas at dumaraing? Madali ka bang panghinaan ng loob, o masayahin ka kahit nagkakagulo-gulo ang mga pangyayari? Madali ka bang pakisamahan?

### Ang Gagawin Mo

5. Kung nais mong magkaroon ng maligayang tahanan, mataos mong tanggapin ang iyong pagkukulang at patulong sa Panginoon upang mapagtagumpayan ito. Kung handa mong gawin ang iyong bahagi, tutulungan ka ng Panginoon.

**Ihingi Ng Tawad Ang Iyong Pagkakamali**

Tinuruan tayo ni Jesus na humingi ng tawad sa mga taong ating pinagkasalahan. Kung hindi natin ito gagawin, puputulin nito ang pakikipagkaisa natin sa Diyos.

> Kaya't kung naghahandog ka sa Diyos, at maalaala mo na may sama ng loob sa iyo ang kapatid mo, iwan mo muna ang iyong handog sa harap ng dambana at makipagkasundo ka sa iyong kapatid. Saka ka magbalik at maghandog sa Diyos. Mateo 5:23, 24.



Hindi madaling sabihin na "Ikinalulungkot ko ng naging masakit ang aking pananalita. Patawarin mo ako," nguni't ito'y mabisang makapagaalis ng sama ng loob at mapananatiling maligaya ang iyong tahanan. Mainitin ba ang iyong ulo? Kilalanin mo ang iyong pagkukulang at hilingin sa iyong mahal sa buhay na idalangin kang mapagtagumpayan ito.

> Kaya nga, ipagtapat ninyo sa iyong kapwa ang inyong mga kasalanan at ipanalangin ang isa't isa, upang kayo'y gumaling. Santiago 5:16

### Ang Gagawin Mo

6. Higit na magiging maligaya ang inyong tahanan kung
   ______ a) hihingi ka ng tawad kung nagkulang ka sa iyong kasambahay.
   ______ b) ang lahat ay pahihingin mo ng tawad.
   ______ k) ipakikita mo sa lahat na ikaw ang panginoon at dapat kang pangilagan.
7. Isaulo ang Santiago 5:16.

Sagot: 6. a) hihingi ka ng tawad kung nagkulang ka sa iyong kasambahay.

### Maging Masayahin

Manalig ka sa Diyos at papurihan Siya sa pagtugon Niya sa iyong dalangin bagama't palagay mo'y walang kapayapaan.

> Ang kagalakan sa Panginoon ay inyong kalakasan. Nehemias 8:10

Huwag malungkot kung nahihirapan kang sumupil sa kainitan ng ulo mo o anumang di mabuting ugali. Ang pagsisikap mo'y patunay ng iyong pagibig sa Panginoon. Tutulungan ka Niyang lumago sa buhay espirituwal. Naiinip ka

ba sa paglago mo? Sa Panginoon ka umasa at huwag sa sarili, at magugulat ka sa paglutas Niya ng suliranin ng iyong tahanan. Ang Diyos ay magiliwing Ama at ipinagmamalasakit ka Niya.

**Ang Gagawin Mo**

8. Sauluhin ang Nehemias 8:10.

**Panatilihing Banal Ang Pag-aasawa**

May mga bayang ang mag-asawa'y nagsasama nang hindi nakakasal. Kapag naging Cristiano ang isang tao, ibig niyang maging legal and kanyang pag-aasawa. Sa ganito'y higit na mabuti ang patotoo niya, sinusunod niya ang kautusan ng bayan alang-alang sa kanyang pamilya, at pinararangalan niya si Cristo. Kung kailangan mo ang payo tungkol sa mahahalagang kasulatang legal sumangguni ka sa iyong pastor. Tutulungan ka niya sa abot ng kanyang kaya.

Ang Salita ng Diyos ay labang-laban sa anumang uri ng kaugnayang pangmag-asawa sa mga hindi kasal. Mahigpit Niyang sinasalungat ang anumang paglalaro ng apoy o pagkahumaling sa iba ng sinuman sa mag-asawa.

Ang isa sa malaking pagpapala ng tahanang Cristiano ay ang pagtitiwala ng mag-asawa sa isa't isa kung alam nilang kapwa sila tapat sa pag-iisip, salita, at gawa. Sa kanilang paglilingkod sa Panginoon, ang tahana'y nagiging "munting langit", walang pandaraya, paninibugho, at kataksilang sumisira sa maraming tahanan.

> Dapat igalang ng lahat ang pag-aasawa. Hebreo 13:4. Huwag kayong gumanti ng masama sa masama. Mamuhay kayo nang maayos sa gitna ng mga walang pananampalataya. Kahit na pinararatangan nila kayo ng masama, magpupuri sila sa Diyos sa araw ng Kanyang pagdating, kapag nakita nila ang inyong mabuting gawa. Roma 12:17. I Pedro 2:12

### Ang Gagawin Mo

9. Upang magkaroon ng magandang patotoo at malasap ang pagpapala ng Diyos sa inyong tahanan, dapat kang
   ____ a) pakasal ng legal bago kayo magsamang mag-asawa.
   ____ b) makisama sa iyong kasintahan bago kayo pakasal upang matiyak mong magkatugma kayo.
   ____ k) manatiling walang asawa.

10. Hinging pagpalain ng Diyos ang inyong tahanan, upang patibayin ng Kanyang pag-ibig ang inyong pag-iibigan. Idalanging kayo'y magtapatan sa isip, salita, at gawa. Patulong sa Diyos upang makapagtiwala kayo sa isa't isa.

Sagot: 9. a) pakasal ng legal bago kayo magsamang mag-asawa.

**Mag-asawa Sa Isang Cristiano**

Di kasi, kung kasal ka na sa isang di-Cristiano, tungkulin mong siya'y idalangin at sikaping mahikayat kay Cristo. Maging matapat kang asawa at paliwanagin mo ang iyong ilaw sa inyong tahanan. Nguni't kung wala ka pang asawa at nagbabalak pa lamang, tiyaking ang kukunin mo'y Cristiano. Ito lamang ang tanging paraan upang magkaroon ng tunay na pagkakaisa at kapayapaan sa iyong buhay pampamilya.

Kung mag-aasawa ka sa di kapanalig, hindi mawawala ang mga suliranin. Paano kayo magkakasundo sa pagmumulat sa inyong mga anak tungkol sa relihiyon? Paano ninyo sila tuturuang makapag-lingkod sa Panginoon?

Tinanggap mo na si Cristo na Panginoon ng iyong buhay. Kung ayaw ng iyong asawang paglingkuran Siya, magkakasalungatan kayo sa

bagay na ito. Lagi kayong hindi magkakasundo sa dalawang ito: ang makapag-bigay lugod kay Cristo sa lahat ng bagay at ang pagnanais na mabigyang-kasiyahan ang iyong kabiyak.

Bilang isang Cristiano, ibig mong makalugod sa Diyos. Ibig mong makapaglingkod sa Kanya, makadalo at makibahagi sa gawain sa iglesya, at makigalak sa mga kapatid na Cristiano. Ibig mong magkaroon ng panalanging pampamilya, upang inyong purihih, sambahin, at paglingkurang magkasama ang Diyos.

Walang hilig sa ganitong mga bagay ang asawang di-ligtas. Nakababagot sa kanya ang gawain sa iglesya. Kung sumasama man siya sa iyo, aasahan niyang pagbibigyan mo siya't sasama ka sa kanyang sa mga pag-aaliw na hindi dapat sa isang Cristiano. Kung hindi, kanya-kanya kayo ng landas, at diyan nagsisimula ang malungkot na tahanan. Ang masama pa nito'y, marami ng Cristiano ang nailayo ng asawang di-ligtas sa Panginoon.

Ibig ng Diyos na maging maligaya ang iyong tahanan. Ayaw Niyang masilo ka ni Satanas gaya ng maraming Cristiano. Tahasang nagbababala ang Diyos na huwag kang mag-asawa sa di-mananampalataya.

> Huwag kayong makisama sa mga di-sumasampalataya. Maaari bang magsama ang katuwiran at ang kalikuan? O kaya'y ang liwanag at ang kadiliman? 2 Corinto 6:14.

### Ang Gagawin Mo

11. Ang pag-aasawa ng Cristiano sa di-mananampalataya ay
    ______ a) mabuting paraan upang mahikayat siya sa Panginoon.
    ______ b) mabuti, kung nagmamahalan sila.
    ______ k) pagsuway sa utos ng Panginoon.

Sagot: 11. k) pagsuway sa utos ng Panginoon.

### Maging Ulirang Magulang

Pananagutan ng mga magulang ang pag-aaruga sa kanilang mga anak. Ang ama, na pangulo ng tahanan, ay dapat tumustos sa pangangailangang materyal at espirituwal ng kanyang pamilya. Ang ina rin ay dapat maging magiliw at mapagmahal sa mga anak. Ang mga gawain sa iglesya'y hindi dapat maging hadlang sa katungkulan ng mga magulang sa kanilang pamilya.

Ang sinumang hindi kumakalinga sa kanyang mga kamag-anak, lalo na sa mga kasambahay, ay tumatalikod sa pananampalataya at masahol pa sa mga walang pananampalataya. I Timoteo 5:8.

**Ang Gagawin Mo**

12. Ang amang nagpapabaya sa kanyang pamilya upang makapangaral ay

_______ a) may marubdob na pagtatalaga ng kanyang buhay sa Diyos.

_______ b) nagkukulang sa pananagutang kaloob ng Diyos upang kalingain ang kanyang pamilya

Sagot: 12. b) nagkukulang sa pananagutang kaloob ng Diyos upang kalingain ang kanyang pamilya.

## Ituro Sa Mga Anak Ang Pag-ibig Sa Diyos

Kung tuturuan mo ang mga anak na umibig sa Diyos at sumunod sa Kanyang Salita sa kanilang kabataan hindi ka magkakaroon ng maraming sakit ng loob kung sila'y tumanda. Tipunin mo ang iyong pamilya upang kayo'y magbasa ng Biblia at manalangin sa bawa't araw. Bigyan ng bahagi ang bawa't isa. Idalangin ninyo ang mga suliranin. Pasalamatan ang mga pagpapala ng Diyos.

Dumalo kayong magkasama sa Paaralang Lingguhan at pananambahan. Hikayatin ang mga bata na ibigay ang kanilang buhay sa Panginoon habang sila'y mga bata pa.

Sa paglilingkod ninyong magkasama, patitibayin ng pag-ibig ng Diyos ang taling nag-uugnay sa inyong pamilya. Gaya ng sawikain: "Ang pamilyang nananalanging magkakasama'y nananatiling magkakasama."

Mga magulang, huwag ninyong ibuyo ang inyong anak sa paghihimagsik laban sa inyo dahil sa inyong malabis na kahigpitan; sa halip ay palakihin sila sa tuntunin at aral ng Panginoon. Efeso 6: 4

### Ang Gagawin Mo

13. Punan ang puwang sa sawikaing ito: "Ang pamilyang ________ magkakasama ay ________ magkakasama."
14. Kung ikaw ay magulang, idalangin mo ngayon ang bawa't anak mo. Patulong sa Panginoon upang sila'y matulungan mo. Humingi ng higit na tiyaga at pang-unawa.

Sagot: 13. nananalanging, nananatiling

## Ibigin Mo Ang Iyong Pamilya

"Ang Diyos ay Pag-ibig." Kung higit ang pananatili ng Diyos sa iyong buhay, mararagdagan ang iyong pag-ibig sa pamilya. At sapagka't iniibig mo sila, lalong liligaya ang inyong tahanan.

### Ang Gagawin Mo

15. Idalangin sa Panginoon na tulungan ang inyong pamilya na lalong magibigan.
16. Basahin mo ang I Corinto 13 at patulong ka sa Diyos upang maisagawa ito sa tahanan.

*IKA-10 ARALIN*

# ANG IYONG BAGONG KALAYAAN



Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo

Kalayaan Sa Kasalanan
Kalayaan Sa Takot
Kalayaan Sa Kamalian
Kalayaan Sa Kautusan Ni Moises
Kalayaan Sa Pag-aalala
Kalayaan Sa Karamdaman
Kalayaan Sa Hinaharap
Pagpapanatili Ng Iyong Kalayaan

Sumulat si apostol Pablo tungkol sa "maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos." Sa pagpapatuloy mo sa mga landasin ng Panginoon, higit mong pahahalagahan at kawiwilihan ang kahangahangang kalayaang kaloob Niya.

### Kalayaan Sa Kasalanan

Namatay si Jesus upang palayain ka sa kasalanan,kaparusahan, at kapangyarihan nito.



▲ Kasalanan: Inako Niya ang lahat ng kasalanang nagawa mo.

▲ Kaparusahan: Ang parusa mong kamatayan ay inako ni Jesus. Kung tatanggapin mo Siyang iyong Tagapagligtas, malaya ka na sa parusang kamatayan.

▲ Kapangyarihan: Dinaig ni Jesus si Satanas at nilagot ang kapangyarihan ng kasalanan.

> Nguni't ngayong pinalaya na kayo mula sa kasalanan. . . Sapagka't ang namatay na ay pinalaya sa kapangyarihan ng kasalanan. . . Kaya dapat ninyong ibilang ang inyong sarili na patay na sa kasalanan datapwa't buhay naman para sa Diyos sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus. . . Kaya nga hindi na hahatulang maparusahan ang mga nakipag-isa kay Cirsto Jesus. Roma 6:22, 7:11, 8:1.

## Ang Gagawin Mo

1. Ligtas ka na sa kasalanan, at sa kaparusahan at kapangyarihan nito
   ______ a) kung tatanggapin mong Tagapagligtas si Jesus.
   ______ b) kung magpepenitensiya ka.
   ______ k) kung magpapakabuti ka na.

Sagot: 1. a) kung tatangapin mong Tagapagligtas si Jesus.

▲ Panunuksong Magkasala: May mga taong naligtas agad sa masamang ugali sa sandaling tanggapin nila ang Panginoon. Ang iba'y makikipagbaka nang maraming linggo bago mapagtagumpayan ang paghitit, pag-inom, o bisyo, nguni't sa patuloy nilang pagdalangin at pagsampalataya, pinapagtatagumpay sila ng Diyos.

Kapag kayo'y pinalaya ng Anak, tunay nga kayong malaya. Juan 8:36
Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan niya kayo. Santiago 4:7.

Huwag kang susuko sa paglaban sa masasamang ugali. Kung tuksuhin ka ng diyablo, gamitin mo ang kalayaan bigay ni Cristo.

Pasalamatan mo ang Panginoon at papurihan dahil sa kalayaang ito at magtatagumpay ka sa manunukso. Ikagagalak ng inyong pastor na ikaw'y idalangin at tulungan.

Kalabanin mo pa rin ang iba't ibang uri ng tukso nguni't kapag nasa langit ka na malaya ka na sa anumang pagnanasang magkasala.

**Ang Gagawin Mo**

2. Sauluhin ang Juan 8:36 at Santiago 4:7.
3. Sinasabi sa Biblia na ang diyablo
   ________ a) ang lulupig sa iyo kung sasalansangin mo siya.
   ________ b) ay lalayo sa iyo kung sasalansangin mo siya.
   ________ k) ay hindi pinapansin ang mga pagsalungat mo.

Sagot: 3. b) ay lalayo sa iyo kung sasalansangin mo siya.

Mga Bunga at Pagkakaroon Ng Kasalanan: Ito ang kasalanan at ang bunga nito—paghihirap, kalungkutan, at kamatayan. Pagdating ng maluwalhating araw na yaon uuwi ka sa iyong tahanang panlangit at malilimutan mo na ang kasalanan at ang naging bunga nito.

### Ang Gagawin Mo

4. (Pumili ka ng tatlo.) Aling mga bahagi ng kalayaan sa kasalanan ang tatanggapin natin kay Cristo ngayon din?

_____ a) kalayaan sa pagtukso.
_____ b) kalayaan sa pagiging alipin ng kasalanan.
_____ k) kalayaan sa mga bunga ng kasalanan.
_____ d) kalayaan sa kapangyarihan ng kasalanan.
_____ e) kalayaan sa pagkakaroon ng kasalanan.
_____ g) kalayaan sa kaparusahan ng kasalanan.

Mga Sagot: 4. b) kalayaan sa pagiging alipin ng kasalanan. d) kalayaan sa kapangyarihan ng kasalanan. g) kalayaan sa kaparusahan ng kasalanan.

### Kalayaan Sa Takot

Hindi mo na ikatatakot ang maaaring gawin sa iyo ng iba. Kinakalinga ka ng Diyos, "nakakubling kasama ni Cristo sa Diyos." Maaaring maghirap ka o mamatay alang-alang kay Cristo; subali't sasaiyo Siya sa bawa't saglit. Anumang mangyari sa buhay mo'y kapahintulutan Niya.

Kung ang Diyos ay panig sa atin, sino ang laban sa atin? *Roma 8,31.*

Hindi mo na katatakutan ang pangkukulam, ang panggagaway, at ang mga bagay na naghahatid ng masasamang kapalaran. Si Cristo ang mag-iingat sa iyo kaya't hindi na kailangan ang mga medalyon,salamangka. gayuma, anting-anting, larawan ng bantay na anghel o anumang larawa't imahen. Ikalulungkot pa nga ng Diyos na makitang ginagamit mo ito, na hindi ka nagtitiwalang tutuparin Niya ang Kayang pangako.



Sapagkat sinabi ng Diyos. "Hindi kita iiwan ni pababayaan man." Walang pag-aagam-agam na masasabi natin, "Ang Panginoon ang tumutulong sa akin, hindi ako matatakot. Ano ang magagawa sa akin ng tao?" Hebreo 13:5,6

Sapagka't and Espiritung nasa inyo ay makapangyarihan kaysa espiritung nasa mga makasanlibutan. I Juan 4:4.

### Ang Gagawin Mo

5. Ang pinakamabuting paraan ng pag-laya mula sa takot ay

_______ a) ang paggamit ng sala-mangka

_______ b) ang pagsangguni sa arbu-laryo.

_______ k) ang pagsindi ng mga kan-dila.

_______ d) ang pagtitiwala sa Pangi-noon.

Sagot: 5. d) ang pagtitiwala sa Pangi-noon.

## Kalayaan Sa Kamalian

Nabitag ni Satanas ang milyung-milyung tao sa huwad na mga relihiyon. Hinahasikan niya sila ng kamalian tungkol sa pagtungo sa langit. Nagdarasal sila sa araw, buwan, mga bato, ilog, at punong-kahoy at hinahanap ang katotohanan sa pamamagitan ng mga panaginip at kapaha-yagan. Napatutulong sila sa kaluluwa ng mga namatay. Nagsisindi sila ng mga kandila at nagsusunog ng kamanyang sa harapan ng mga rebultong ginto, pilak, kahoy, bato o sahing. Naghahandog sila at namamanata sa mga espi-ritu.

Ang Salita ng Diyos-hindi ang palagay ng tao— ang nagtuturo sa atin sa pagtungo sa langit. Sa pagbabasa mo ng Biblia, matutuklasan mo ang katotohanan at kalayaan sa mga kamaliang ito.

Makikilala ninyo ang katotohanan. at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo. Juan 8:32

## Ang Gagawin Mo

6. (Pumili ng isa.) Makakalaya tayo sa kamalian sa pamamagitan ng
_______ a) kapahayagang tinatanggap natin mula sa mga panaginip.
_______ b) palagay ng iba tungkol sa langit.
_______ k) katotohanang natututuhan natin sa Biblia.

Sagot: 6. k) katotohanang natututuhan natin sa Biblia.

Makikita mo sa mga susunod na talata ang masidhing damdamin ng Diyos laban sa paggamit ng mga rebulto o anumang uri ng espiritismo. Ngayong tinanggap mo na Siya, higit na mahalaga ang mga utos Niya kaysa anumang naipangako bago ka nakakilala sa katotohanan. Ang mga utos na ito ng Diyos ang magpapalaya sa iyo mula sa pananagutan sa mga panatang ginawa mo sa anumang mga imahen, mga espiritu, o mga diyus-diyusan.

Huwag kang magkakaroon ng ibang diyus-diyusan sa harapan ko.
Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang

inanyuan o ng kawangis man ng anumang anyong nasa itaas ng langit, o ng nasa ibaba ng lupa o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa. Huwag mong yuyukuran sila, o paglilingkuran man sila. Exodo 20:3,5

Huwag makakasumpong sa iyo ng sinumang nagpaparaan sa apoy ng kanyang anak, o nanghuhula o nagmamasid ng mga pamahiin o engkantador, o manggagaway. O engkantador ng mga ahas, o nakikipagsanggunian sa mga masasamang espiritu, o mahiko, o sumangguni sa mga patay. Sapagka't sinumang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumaldumal sa Panginoon. Deuteronomio 18:10,12.

Hindi mo na paglilingkuran ang anumang espiritu o diyus-diyusan sapagka't ikaw ay pag-aari ng iisa't tunay na Diyos. Malaya ka na rin sa kapangyarihan ng masasamang espiritu at pagkatakot sa maaaring gawin nila sa iyo. Higit na makapangyarihan ang Espiritu Santong nasa puso mo.

**Ang Gagawin Mo**

7. (Pumili ng dalawa.) Pinalalaya tayo ng Biblia sa maling
   - _____a) pagsamba sa diyus-diyusan.
   - _____b) pagdalangin sa Diyos.
   - _____k) araw ng pamamahinga.
   - _____d) pagsisisi at pananampalataya.
   - _____e) uri ng espiritismo.

Mga Sagot: 7. a) pagsamba sa diyus-diyusa. e) uri ng espiritismo.

## Kalayaan Sa Kautusan Ni Moises



Nuong araw, nakipagtipan ang Diyos sa mga Hebreo. Si Moises ang tumanggap ng mga takda ng tipang ito at ang lahat ng tuntunin at batas para sa bagong bansang pinangunahan niya palabas sa Egipto. Kasama sa kautusan ni Moises and tuntunin para sa paghahandog, mga araw ng pangilin, paraan ng pagsamba, at mga dapat at di dapat kanin.

Lahat ng mga tuntuning ito sa pananambahan ay gaya ng larawan ni Jesu-Cristo at ng kaloob Niyang kaligtasan. Siya ang sakdal na haing mag-aalis ng ating kasalanan. Gaganapin niyang lahat ang kautusan at muling makikipagtipan sa tatanggap sa Kanya bilang Tagapagligtas, maging Hebreo o hindi.

Kaya't ang tuntunin ng kautusan ni Moises ay para sa mga Hebreo lamang, mula nang panahon ni Moises hanggang sa dumating si Cristo. Mula noong panahon ni Cristo hanggang ngayon, sumailalim na tayo sa Bagong Tipan.

## Ang Gagawin Mo

8. (Pumili ng tatlo.) Kabilang sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos ang

_______ a) kalayaan mula sa takot sa masasamang espiritu.

_______ b) kalayaan mula sa bulaang relihiyon.

_______ k) kalayaan mula sa ating tungkulin bilang mga mamamayan.

_______ d) kalayaan mula sa kautusan ni Moises.

_______ e) kalayaang gawin ang ating maibigan.

Mga Sagot: 8. a) kalayaan mula sa takot sa masasamang espiritu. b) kalayaan mula sa bulaang relihiyon. d) kalayaan mula sa kautusan ni Moises.

May ilang tao ang naguguluhan at iniisip na dapat nating ipangilin ang araw ng Sabado, ayon sa hinihingi ng kautusan ni Moises. Nguni't mula ng magbangon si Jesus nang unang araw ng sanlinggo, naging kaugalian na ng mga Cristiano na magtipon sa araw ng Linggo, upang gunitain ang Kanyang pagkabuhay-na mag-uli. Magmula pa nuong kapanahunan ng Biblia, ito'y tinatawag na nilang "Araw ng Panginoon."

Nagtatakda tayo ng isang araw sa sanlinggo upang magpahinga sa ibang gawain at sambahin Siya sa bahay ng Diyos. Ito'y sapagka't mahal natin siya at hindi dahil sa napipilitan lamang tayo.

> Noo'y araw ng Panginoon. Kinasihain ako ng Espiritu. Pahayag Apocalipsis 1:10

Sa kautusan ni Moises, hindi maaaring kainin ng mga tao ang ilang uri ng hayop. Sa bagong tipan, hindi tayo tinatalian ng pagbabawal na ito. Ang ating kalayaan ay katulad ng ibinigay ng Diyos sa mga naunang tao bago ibigay ang kautusan ni Moises. Pinagbabawalan ng Diyos si Noe na huwag kakain ng dugo, at ito'y inuulit sa Bagong Tipan. Nguni't makakakain natin ang anumang uri ng karne.

> Bawa't gumagalaw na nabubuhay ay magiging pagkain ninyo; gaya ng mga sariwang pananim na lahat ay ibinibigay ko sa inyo. Nguni't ang lamang may buhay, na siya niyang dugo, ay huwag ninyong kakanin. Genesis 9:3,4.
>
> Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti at walang dapat ipalagay na masama. Lahat ay dapat tanggapin may pasasalamat sapagka't nililinis ito ng salita ng Diyos at ng panalangin. I Timoteo 4:4,5.
>
> Kumain kayo ng anumang nabibili sa tindahan ng karne at huwag na kayong magtanong pa upang di mabalisa ang inyong budhi. . . kung anyayahan kayo ng isang di

sumasampalataya at ibig ninyong dumalo, kanin ninyo ang anumang idulot sa inyo at huwag na kayong magtanong pa upang di mabalisa ang inyong budhi. I Corinto 10:25. 27.

Kaya't huwag na kayong pasasakop sa anumang tuntunin tungkol sa pagkain o inumin tungkol sa kapistahan, sa bagong buwan o sa Araw ng pamamahinga. Colosas 2:16.

### Ang Gagawin Mo

9. Itinuturo ng Biblia na ang Cristiano'y
   ______ a) makakakain ng anumang uri ng karne.
   ______ b) makakakain ng karne ng ilang uri ng hayop nguni't hindi ng lahat ng hayop.
   ______ k) huwag kakain ng anumang karne.

Sagot: 9. a) makakakain ng anumang uri ng karne.

### Kalayaan Sa Pag-aalala

Mahal ka ng iyong Ama at tutugunin Niya ang iyong pangangailangan. Pagtiwalaan mo Siya.

Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong mga kabalisahan sapagkat Siya ang kumukupkop sa inyo. I Pedro 5,7.

Kaya't huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakanin, iinumin, o daramtin... Alam ng inyong Amang nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito. Nguni't pagsumakitan ninyo ng higit sa lahat ang pagharian kayo ng Diyos, at mamuhay ng ayon sa Kanyang kalooban, at ipagkakaloob Niya ang lahat ng kailangan ninyo. Mateo 6:31-33.

**Ang Gagawin Mo**


10. Sauluhin ang 1 Pedro 5:7
11. May alalahanin ka ba? Dumalangin ka sa Panginoon. Pasalamatan mo Siya sa Kanyang tugon at wala ka nang alalahanin pa.

**Kalayaan Sa Karamdaman.**

Si Cristong Dakilang Manggagamot ang iyong pinakamatalik na kaibigan. Mahal ka Niya at ibig Niyang ikaw ay lumusog. Kung paanong Siya'y nagpagaling ng maysakit noon bilang tugon sa panalangin, Siya pa rin ang nagpapagaling sa mga tao ngayon. Kung may sakit ka, hilingin mo sa pastor at matatanda sa iglesya na ikaw'y ipanalangin. Maaaring ipatong nila ang kamay sa iyo habang idinadalangin nilang ikaw ay pagalingin ng Diyos. O maaari kang pahiran ng langis; ito'y sagisag ng kanilang tiwala sa kapangyarihan ng Espiritu Santo na magpagaling.

Gagaling ang mga maysakit na mapatungan ng kanilang mga kamay. Marcos 16:18

Mayroon bang maysakit sa inyo? Ipatawag niya ang matatanda sa iglesya, upang ipanalangin siya at pahiran ng langis sa Pangalan ng Panginoon. At pagagalingin ang maysakit dahil sa panalanging may pananampalataya. Ibabangon siya ng Panginoon at patatawarin kung siya'y nagkasala. Santiago 5:14,15.



### Ang Gagawin Mo

12. Kailangan mo ba ang pagpapagaling? Hilingin mo sa iyong pastor na idalangin ka. Kung nag-aaral ka sa pamamagitan ng koreo, ikaw'y ipanalangin ng pamunuan ng paaralan. Isulat ang iyong pangangailangan pag ipinadala mo ang iyong tala.

## Kalayaan Sa Hinaharap

Kahanga-hanga ang iyong kalayaan ngayon, nguni't sa pagbabalik ni Jesus, ang Dakilang Tagapagpalaya, malalaman mo na ang kaganapan

ng maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos. Babaguhin Niya ang iyong katawan at itutulad sa Kanya, at dadalhin ka sa iyong tahanan sa langit. Malao't madali lilinisin ni Cristo ang sangkalupaan mula sa kasalanan at lahat ng bunga nito.

> At papahirin niya ang kanilang mga luha, Wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak, at sakit pagka't lumipas na ang dating mga bagay. Pahayag 21:4
> Gayunman, may pag-asa pa, sapagka't ang sangnilikha ay palalayain sa pagkaalipin nito sa kabulukan at makakabati sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos. Roma 8:20,21.

**Ang Gagawin Mo**

13. Basahin mong apat na ulit ang Pahayag 21:4. At pasalamatan ang Diyos sa mensahe nito.

## Pagpapanatili Ng Iyong Kalayaan

Bago tayo dalhin sa langit ni Jesus makikipagbaka pa rin tayo kay Satanas. May mga tukso't pagsubok, nguni't kinakailangan huwag nating isuko ang ating kalayaan.

Pinalaya tayo ni Cristo upang manatiling malaya. Magpakatatag nga kayo at huwag nang paalipin pang muli! Galacia 5:1.

Huwag mong kalilimutang ang iyong bagong buhay at kalayaan ay nakasalig kay Cristo Jesus at sa kanyang pakikisama at kapangyarihan sa iyo — hindi sa iyong pagpapakabuti. Ang pagiging Cristiano ay hindi pagtupad sa mga tuntunin kundi "Si Cristong nasa inyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian."

Natagpuan mo kay Cristo ang isang buhay na bago't kahanga-hanga, walang katapusang buhay na may maluwalhating kalayaan bilang mga anak ng Diyos. Ingatan mo itong mabuti, higit itong mapapasaiyo sa paglipas ng mga taon at sa mga panahon pang darating.

Kaya't ang nakipag-isa kay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao; siya'y bago na. 2 Corinto 5:17.

At kung ako ma'y buhay, hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin. At habang ako'y nasa daigdig, namumuhay ako sa pananalig sa Anak ng Diyos na umibig sa akin at nag-alay ng Kanyang buhay para sa akin. Galacia 2:20.

## Ang Gagawin Mo

14. (Pumili ng isa.) Ang iyong buhay Cristiano ay nasasalig

_______ a) sa pagsunod sa mga tuntunin.

_______ b) sa pananahanan ni Cristo sa iyo.

_______ k) sa puspusan mong pagpapakabuti.

15. Sauluhin ang 2 Corinto 5:17 at Galacia 2:20.

Sagot: 14. b) sa pananahanan ni Cristo sa iyo.

Ngayon ay handa ka na para sagutin ang huling bahagi ng Talaan ng Mag-aaral araling 6-10. Pagbalik-aralan ang mga araling ito. Sundin ang mga alituntunin sa iyong talaan ng mag-aaral. Kapag iyong ipinadala ang papel ng pagsusulit sa iyong guro, mangyari lamang na hilingin ang kasunod na kurso.

## MALIGAYANG BATI!

Tapos na ang iyong pag-aaral sa Ika-10 Aralin ng "IYONG BAGONG BUHAY" kursong hinango mula sa Biblia.

Tiyaking tapos na ang lahat ng mga pagsusulit at ang mga papel ng pagsusulit ay ipadala sa ICI upang lagyan ng grado.

Kung matagumpay mong natapos ang kurso, ipadadala namin sa iyo ang isang magandang "**sertipiko.**"

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE
P.O. Box 1084, Manila 2800

TALAAN NG MAG-AARAL
LIBRETA NG MGA TANONG

# Ang Iyong Bagong Buhay



CL 11

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

Pangalan ng mag-aaral . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

## TAGUBILIN

Matapos mong pag-aralan ang mga Araling 1-5, ikaw ay handa na upang sumagot sa mga tanong sa libretang ito sa bahaging Mga Hinihiling para sa mga *Araling 1-5.* Ilagay ang iyong mga sagot sa Papel ng mga Sagot 1, Pangkat 1.

Matapos mong pag-aralan ang mga Araling 6-10, ikaw ay handa na upang sumagot sa mga tanong sa ikalawang bahagi ng libretang ito, Mga Hinihiling para sa *Araling 6-10.* Gamitin ang Papel ng Mga Sagot 2, Pangkat 2, para sa iyong mga sagot.

*Agad ibalik ang bawat Papel ng mga Sagot sa iyong guro dito sa ICI. Huwag mo nang ibalik ang libreta ng mga tanong.*

Pag-aralan ang halimbawang nasa pasimula ng iyong papel ng mga sagot, Ang mga halimbawang ito ay magpapakita sa iyo kung paano mo mamarkahan ang iyong mga piniling mga sagot para sa bawat tanong.

---

(C) 1980 All Righ'ts Reserved
International Correspondence Institute
Brussels, Belgium
D/1980/2145/7 PNO/83

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE



## PANGKAT 1

## TALAAN NG MAG-AARAL

### Mga Hinihiling para sa Araling 1-5

*Para sa lahat ng mga tanong, tiyaking magkatulad ang bilang ng tanong dito at ng mga sagot mo na nasa iyong papel ng mga sagot.*

### TAMA O MALI

*Ang mga sumusunod na pangungusap ay maaaring tama o mali. Kapag ang pangungusap ay*

**TAMA** – *Bilugan ng itim ang (a)*
**MALI** – *Bilugan ng itim ang (b)*

1 Ang bagong silang na Cristiano ay walang pakialam sa kanyang bagong kalikasan.

2 Ang mga Cristiano ay hindi na matutukso.

3 Tinanggap natin ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Anak ng Dios.

4 Kung ninanasa nating manatiling dalisay ang ating puso, kailangang ingatan natin ang ating mga iniisip sa buhay.

5 Marami sa iyong mga kinahihiligan ay nagbago nang ikaw ay maging isang Cristiano.

6 Hindi talaga mahalaga kung anuman ang uri ng mga babasahing binabasa natin sapagkat ang dugo naman ni Jesus ang siyang naglilinis sa atin.

7 Tayong lahat ay tinawag ng Dios na maging pastor, ebanghelista, o misyonero.

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

## MARAMIHANG PAGPIPILIAN

*Ang mga pangungusap sa ibaba ay may isang tamang sagot. Piliin ang tamang sagot. Sa iyong papel na pagsasagutan, itiman ang bilog na naglalaman ng titik ng sagot na iyong pinili.*

8 Nang si Cristo ay tinanggap mo bilang iyong Tagapagligtas, ikaw ay naging isang
(a) anak ng Dios.
(b) mabuting tao.
(c) sakdal na Cristiano.

9 Sa iyong bagong buhay kay Cristo, iyong tinanggap ang
(a) isang bagong layunin para mabuhay.
(b) ang kalayaan mula sa karamdaman.
(c) kayamanang material.

10 Mailalapit natin sa ibang mananampalataya ang ating mga alalahanin sapagkat sila'y
(a) sakdal na.
(b) mas marunong kaysa sa atin.
(k) makapananalangin at makatutulong sa atin.

11 Kapag hindi natin pinatawad ang iba
(a) patatawarin din naman tayo ng Dios.
(b) hindi rin tayo patatawarin ng Dios sa ating mga kasalanan.
(k) hindi rin tayo patatawarin ng iba.

12 Itinuturo sa atin sa Juan 10:28 na tayo ay kailangang
(a) magpakabuti upang maligtas.
(b) hindi bibigo sa Dios.
(k) ligtas sa pag-iingat ni Cristo.

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE



13 Ang Matandang Tipan ay nasulat
(a) pagkatapos ng kapanganakan ni Cristo.
(b) sa panahon ng kapanganakan ni Cristo dito sa lupa.
(k) bago pa man si Cristo isilang.

14 Maaasahan natin ang kalakasang espiritual kapag
(a) tayo ay nagkaroon ng sapat na pisikal na pagpapahinga at pag-eensayo.
(b) palagiang maghintay sa Dios.
(k) gumawang palagian sa Dios.

15 Ang tatlong paraan na maasahan nating marinig ang tinig ng Dios ay sa pamamagitan ng
(a) pagbabasa ng bituin, ibang mga tao, pananalangin.
(b) pagninilay-nilay, pagbabasa ng palad, at mga magasin.
(k) pananalangin, ang Biblia, at ang iba pang mananampalataya.

16 Ang pagtuturo sa Paaralang Panlinggo ay maitutuDiring na
(a) pageensayong espiritual.
(b) pagpapakain ng iyong kaluluwa.
(k) pag-iingat na maging malinis ang iyong buhay.

17 Mahalaga sa isang Cristiano na manalangin
(a) sa Iglesia lamang.
(b) tuwing umaga lamang.
(k) madalas araw-araw.

18 Sinabi ni Jesus na kapag Siya'y ating ipinahayag, Kanyang
(a) pagpapalain tayo ng mabuting kalusugan.
(b) gagawin din ang gayon sa harap ng Dios.
(k) ililigtas ang bawat isa na ating sasaksihan.

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

19 Kapag ang isang Cristiano ay nagbayad ng kanyang ikapu,
(a) pagpapalain at pasasaganain siya ng Dios.
(b) hindi papansinin ng Dios yaon sapagkat hindi Niya kailangan ang salapi.
(k) mapapansin yaon ng Dios, subalit hindi tayo pagpapalain sa dahilang yaon nama'y utang talaga natin sa Kanya.

## TANONG NA PANGKALAHATAN

### Araling 1-5

*Kapag ang iyong sagot sa mga sumusunod na tanong ay*

**OO** – *Bilugan ng item ang (a).*
**HINDI** – *Bilugan ng itim ang (b).*

20 Binasa mo ba nang mainam ang Araling 1-5?

21 Natapos mo banag gawin ang lahat ng bahaging *Gawain Mo ito* sa mga Araling *1-2?*

22 Natapos mo bang gawin ang lahat ng bahaging *Gawin Mo Ito* sa mga araling *3-5?*

23 Tiningnan mo ba kung ang mga sagot mo na inilagay sa *Gawin Mo Ito* ay tama doon sa nakalagay sa hulihan ng mga aralin?

24 Iyo bang pinagbalik-aralan ang mga layunin ng aralin upang makita kung iyo ngang nagawa ang iminumungkahi nito?

*Wakas ng mga hinihiling para sa Araling 1-5. Mangyaring tumigil dito at ibalik sa amin ang iyong talaan ng mag-aaral Papel ng mga sagot 1. Ipagpatuloy ang iyong pag-aaral sa aklat patnubay ng araling 6.*

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE



## PANGKAT 2

## TALAAN NG MAG–AARAL
### Mga Hinihiling para sa mga Araling 6-10

*Para sa lahat ng mga tanong, tiyaking magkatulad ang bilang ng tanong dito at ng mga sagot mo na nasa iyong papel ng mga sagot.*

### TAMA O MALI

*Ang mga sumusunod na pangungusap ay maaaring tama o mali. Kapag ang pangungusap ay*

**TAMA** – *Bilugan ng itim ang (a).*
**MALI** – *Bilugan ng itim ang (b).*

1 Ang kautusan ni Moises ay wala nang bisa nang si Jesus ay dumating.

2 Itinuro ni Jesus na dapat nating ipakita sa lahat ang mabuti nating ginawa.

3 Maaaring ang isang tao ay makagawa ng mga himala at hindi makapasok sa kaharian ng langit.

4 Nang ang isang tao ay maging isang Cristiano, ang kalikasan niyang makatao ay wala nang pagnanasang mangibabaw.

5 Ang isang Cristiano ay kailangang mamuhay ng kabutihan maging sa sariling tahanan.

6 Ipinagbabawal ng Dios ang pagsasama bilang magasawa kung hindi kasal.

7 Ang Cristiano ay sumasamba tuwing Linggo sa dahilang si Jesus ay nagbangon mula sa mga patay nang araw na yaon. . .

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

## MARAMIHANG PAGPIPILIAN

*Ang mga bilang sa ibaba ay may isang tamang sagot. Piliin ang sagot na ayon sa iyong pag-aakala ay tama. Sa iyong papel na pagsasagutan, itiman ang bilog na naglalaman ng titik ng iyong sagot.*

8 Kapag tayo ay tumanggi na sumunod sa kautusan ng Dios, Kanyang
- a) itatakwil tayo.
- b) pababayaan tayo.
- k) parurusahan tayo.

9 Matatagpuan ng Cristiano ang batas ng pamumuhay sa
- a) Bagong Tipan lamang.
- b) Matandang Tipan lamang.
- k) buong Biblia.

10 Sa Mateo 5:11-12, itinuturo ni Jesus na tatanggapin natin ang malaking gantimpala sa langit kapag
- a) tayo'y pinag-uusig dahilan sa ating pagiging Cristiano.
- b) tayo'y hindi na marunong magalit.
- k) ating sinunod ang Sampung Utos.

11 Kapag tayo'y nag-ayuno
- a) kailangang yaon'y malaman ng lahat nating kaibigan.
- b) kailangang iglesia lamang ang makaalam.
- k) kailangang ang Amang nasa langit lamang ang siyang dapat na makaalam.

12 Makikilala natin ang mga bulaang propeta sa kanyang
- a) mga kilos.
- b) mga pananamit.
- k) kaanyuan.

13 Ipinangako ni Jesus na yaong mga nagnanasa ng kaharian ng Dios ay
a) maghihirap sa buhay na ito.
b) magkakaroon ng malaking kayamanan.
k) matatagpo ang kanilang mga material na pangangailangan.

14 Itinuturo ni Jesus na kapag hinatulan natin ang iba, tayo man ay
a) hahatulan ng Dios sa gayunding pamantayan.
b) makatutulong sa iba na lumago.
k) matututo sa ating mga gagawin.

15 Ang bato na siyang tinayuan ng marunong na tao ay
a) ang pagiging mapagbigay.
b) mabubuting gawa.
k) pagsunod.

16 Ang ilan sa mga bunga na dala ng Espiritu Santo sa buhay ng Cristiano ay
a) katawan, immoralidad, at pagiging makasarili.
b) kagalakan, kapayapaan, at kapakumbabaan.
k) himala, dila, at pagpapagaling.

17 Ang paraan ng pagsasalita ng isang Cristiano ay
a) mayroong malaking bahagi sa kanyang patotoo.
b) walang kinalaman sa kanyang patotoo.

18 Ang Efeso 6:4 ay nagtuturo na ang mga magulang ay
a) dapat ipaubaya sa iglesia ang pagtuturo.
b) dapat ipaubaya sa paaralan ang pagtuturo.
k) dapat na magturo tungkol sa pagiging Cristiano.

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

19 Tayo ay hindi na dapat pang matakot sapagkat
- a) ang Dios ay nangako na hindi Niya tayo pababayaan.
- b) wala namang dapat na ikatatakot.
- k) tayo ay malakas upang humarap sa anumang bagay.

## TANONG NA PANGKAHALATAN

### Mga Araling 6-10

*Kapag ang iyong sagot sa mga sumusunod na tanong ay*

**OO** – *Bilugan ng itim ang (a).*
**HINDI** – *Bilugan ng itim ang (b).*

20 Binasa mo ba nang mainam ang Araling 6-8?

21 Natapos mo bang gawin ang lahat ng bahaging Gawin Mo Ito sa mga Araling 6- 8?

22 Natapos mo bang gawin ang lahat ng bahaging Gawin Mo Ito sa mga Araling 9-10?

23 Tiningnan mo ba kung ang mga sagot mo na inilagay sa Gawin Mo Ito ay tama doon sa mga nakalagay sa hulihan ng mga aralin?

24 Iyo bang pinagbalik-aralan ang mga layunin ng aralin upang makita kung iyo ngang nagawa ang iminumungkahi nito?

*Wakas ng mga hinihiling para sa mga Araling 6-10. Mangyari lamang na ibalik ang iyong talaan ng mag-aaral Papel ng mga Sagot 2 sa iyong guro sa ICI. Ngayong natapos mo na ang iyong pag-aaral sa kursong ito, hilingin sa iyong guro na ikaw ay bigyan ng isa pang kurso para pag-aralan.*

**Address ng tanggapan ng ICI sa inyong pook na iyong pagdadalhan ng mga sagot ng talaan ng mga mag-aaral:**

Kung walang tanggapan ng ICI sa inyong pook, ibalik ang iyong MGA PAPEL NG MGA SAGOT sa address na ito:


INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE
Philippine National Office
P. O. Box 1084
Manila


Christian Life Program

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

# CHRISTIAN LIFE PROGRAM
# TALAAN NG MAG-AARAL
# PAPEL NG MGA SAGOT 1
# PANGKAT 1

Pamagat ng kurso **Ang Iyong Bagong Buhay**
(Ilimbag sa malalaking titik)

Ang iyong Pangalan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ang iyong ICI Number . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
(Huwag sasagutin kung wala ka pang numero ng mag-aaral buhat sa ICI.)

Ang Iyong Address . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Gulang. . . . . . . . . . . . . . . .Kasarian (Sex). . . . . . . . .

Hanap-buhay . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ilan kayo sa inyong pamilya? . . . . .Ilang taon kang nag-aaral sa paaralan?. . . . . . . . . . .Kung ikaw ay kaanib ng isang iglesia, ano ang pangalan ng inyong iglesia? . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ano ang iyong pananagutan o gawain sa iglesia? . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Paano mo pinag-aaralan ang kursong ito: Mag-isa? . . . Kasama ang pangkat? . . . . . . . .Ano-ano ang mga kurso ng ICI ang iyong napag-aralan na? . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ngayon ay tunghayan ang kabilang pahina at sagutin ang lahat ng mga tanong.

## MGA TAGUBILIN SA PAGLALAGAY NG SAGOT SA PAPEL NA PAGSASAGUTAN

Sa mga sumusunod na halimbawa ay aming ipakikita sa iyo kung paano ang pagpili ng sagot at paglagay ng sagot sa iyong papel na pagsasagutan. Mayroong dalawang uri ng tanong: TAMA-MALI at MARAMIHANG PAGPIPI-LIAN

### HALIMBAWA NG TANONG NA TAMA-MALI

Ang mga sumusunod na pangungusap ay maaaring tama o mali. Kung ang pangungusap ay

TAMA – Itiman ang bilog ng ⓐ
MALI – Itiman ang bilog ng ⓑ

1 Ang Biblia ay mensahe ng Dios para sa atin.

Ang nasa itaas na pangungusap, Ang Biblia ay mensahe ng Dios para sa atin, ay TAMA, kaya't iyong iitiman ang bilog ng ⓐ katulad nito:

1 ● ⓑ ⓚ

### HALIMBAWA NG TANONG NA MARAMIHANG PAG-PIPILIAN

Iisa lamang ang tamang sagot sa mga sumusunod na tanong. Itiman ang bilog ng sagot na iyong pinili.

2 Ang ipanganak na muli ay nangangahulugan ng
a) pagiging bata sa gulang.
b) pagtanggap kay Jesus bilang tagapagligtas.
k) pagpapasimula ng bagong taon.

Ang tamang sagot ay b) pagtanggap kay Jesus bilang tagapagligtas, kaya't iyong lalagyan ng itim ang bilog ng ⓑ katulad nito:

2 ⓐ ● ⓚ

Ngayon ay basahin ang mga tanong sa Unang Pangkat ng iyong talaan ng mag-aaral at lagyan ng sagot ang sagutan sa pangkat katulad ng ipinakita naming halimbawa. Piliin ang iyong sagot at pagkatapos ay itiman ang bilog ⓐ, ⓑ, o ⓚ ayon sa iyong napili.

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

# CHRISTIAN LIFE PROGRAM
# TALAAN NG MAG–AARAL
# PAPEL NG MGA SAGOT 2
# PANGKAT 2

Pamagat ng Kurso . . . Ang Iyong Bagong Buhay . . .
(Ilimbag sa malalaking titik)

*Mangyari lamang na sulatan ang mga puwang sa ibaba;*

Ang iyong Pangalan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ang Iyong ICI Student Number . . . . . . . . . . . . . . . . .
(Huwag sasagutin kung wala ka pang numero ng mag-aaral buhat sa ICI.)

Ang Iyong Address o Tirahan . . . . . . . . . . . . . . . . . .
. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

## MGA KAHILINGAN PARA SA IMPORMASYON

Ang tanggapan ng ICI sa inyong pook ay malulugod na magpapadala sa iyo ng mga impormasyon sa iba pang kurso at sa katumbas na halaga ng bawat aralin. Maaari mong gamitin ang mga puwang sa ibaba para humiling ng mga nais mong impormasyon.

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

*Ngayon ay tunghayan ang kabilang pahina at sagutin ang lahat ng tanong.*

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

## MGA TAGUBILIN SA PAGLALAGAY NG SAGOT SA PAPEL NA PAGSASAGUTAN

Sa mga sumusunod na halimbawa ay aming ipakikita sa iyo kung paano ang pagpili ng sagot at paglagay ng sagot sa iyong papel na pagsasagutan. Mayroong dalawang uri ng tanong: TAMA-MALI at MARAMIHANG PAGPIPILIAN.

### HALIMBAWA NG TANONG NA TAMA-MALI

Ang mga sumusunod na pangungusap ay maaaring tama o mali. Kung ang pangungusap ay

TAMA – Itiman ang bilog ng ⓐ
MALI – Itiman ang bilog ng ⓑ

1 Ang Biblia ay mensahe ng Dios para sa atin.
Ang nasa itaas na pangungusap, Ang Biblia ay mensahe ng Dios para sa atin ay TAMA, kaya't iyong itiman ang bilog ng ⓐ katulad nito:

1 ● ⓑ ⓚ

### HALIMBAWA NG TANONG NA MARAMIHANG PAGPIPILIAN

Iisa lamang ang tamang sagot sa mga sumusunod na tanong. Itiman ang bilog ng sagot na iyong pinili.

2 Ang ipinanganak na muli ay nangangahulugan ng
a) pagiging bata sa gulang.
b) pagtanggap kay Jesus bilang tagapagligtas.
k) pagpapasimula ng bagong taon.

Ang tamang sagot ay b) pagtanggap kay Jesus bilang tagapagligtas, kaya't iyong lalagyan ng itim ang bilog ⓑ katulad nito:

2 ⓐ ● ⓚ

Ngayon ay basahin ang mga tanong sa 2 pangkat ng iyong talaan ng mag-aaral ng mga tanong at lagyan ng sagot ang sagutan sa pangkat katulad ng ipinakita naming halimbawa. Piliin ang iyong sagot at pagkatapos ay itiman ang bilog ⓐ, ⓑ, o ⓚ ayon sa iyong napili.

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

# TALAAN NG MAG-AARAL PANGKAT 2 – PAPEL NG MGA SAGOT 2

Itiman ang tamang bilog.

| | | |
|---|---|---|
| 1 ⓐ ⓑ ⓚ | 9 ⓐ ⓑ ⓚ | 17 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 2 ⓐ ⓑ ⓚ | 10 ⓐ ⓑ ⓚ | 18 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 3 ⓐ ⓑ ⓚ | 11 ⓐ ⓑ ⓚ | 19 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 4 ⓐ ⓑ ⓚ | 12 ⓐ ⓑ ⓚ | 20 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 5 ⓐ ⓑ ⓚ | 13 ⓐ ⓑ ⓚ | 21 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 6 ⓐ ⓑ ⓚ | 14 ⓐ ⓑ ⓚ | 22 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 7 ⓐ ⓑ ⓚ | 15 ⓐ ⓑ ⓚ | 23 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 8 ⓐ ⓑ ⓚ | 16 ⓐ ⓑ ⓚ | 24 ⓐ ⓑ ⓚ |

Ngayon na nalagyan mo na ng sagot ang tanong, matutulungan mo kami na mapaunlad ang kursong ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong. Mangyari lamang na sabihin sa amin ang iyong tunay na damdamin tungkol sa kursong ito. Bilugan ang titik na naghahayag ng iyong damdamin.

1 Ang mga bagay na tinukoy sa araling ito ay
- a) Lubos na kawili-wili
- b) kawili-wili
- k) bahagyang kawili-wili.
- d) hindi kawili-wili,
- e) nakakawalang-gana.

2 Ako'y natuto
- a) ng maraming-marami.
- b) ng ilan.
- k) hindi masyado.
- d) ng hindi bago.

3 Ang aking natutunan ay
- a) napakahalaga.
- b) mahalaga.
- k) hindi mahalaga.
- d) pag-aaksaya ng panahon.

4 Ang mga araling ito ay
- a) napakahirap.
- b) mahirap.
- k) madali.
- d) napakadali.

5 Sa pangkalahatan, ang mga araling ito ay
- a) napakahusay.
- b) mahusay.
- k) kainaman.
- d) mahina.

6 Gusto mo pa bang kumuha ng ibang kurso na katulad nito?

a) Tiyak na oo.
b) Maaaring oo.
k) Maaaring hindi.
d) Tiyak na hindi.

7 Mangyari lamang na isulat ang isang tiyak na puna (Komentario) tungkol sa mga aralin. . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

MALIGAYANG BATI!

Tapos mo na ang kursong ito. Ikinagagalak naming nakasama ka bilang aming mag-aaral at umaasa kami na ikaw ay mag-aaral pa ng ibang kurso ng ICI. Itong talaan ng mag-aaral na nilagyan mo ng mga sagot ay iyong isauli sa iyong guro o sa opisina ng ICI. Matapos na aming nalagyan ng antas ang iyong mga sagot sa pagsusulit, ito'y ibabalik namin sa iyo at padadalhan ka namin ng isang magandang katibayan o palatandaan na natapos mo ang araling ito para sa iyong magkakasunod na pag-aaral.

Mangyari lamang na isulat sa malalaking titik ang iyong pangalan para sa iyong katibayan/sertipiko ng pagtatapos:

Pangalan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

*For ICI Office Use Only*

D. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . SC. . . . . . . . . . . . . . . . . .

International Correspondence Institute
P.O. BOX 1084 MANILA, PHILIPPINES 2800

# TALAAN NG MAG–AARAL PANGKAT I – PAPEL NG MGA SAGOT I

Itiman ang tamang bilog.

| | | |
|---|---|---|
| 1 ⓐ ⓑ ⓚ | 9 ⓐ ⓑ ⓚ | 17 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 2 ⓐ ⓑ ⓚ | 10 ⓐ ⓑ ⓚ | 18 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 3 ⓐ ⓑ ⓚ | 11 ⓐ ⓑ ⓚ | 19 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 4 ⓐ ⓑ ⓚ | 12 ⓐ ⓑ ⓚ | 20 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 5 ⓐ ⓑ ⓚ | 13 ⓐ ⓑ ⓚ | 21 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 6 ⓐ ⓑ ⓚ | 14 ⓐ ⓑ ⓚ | 22 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 7 ⓐ ⓑ ⓚ | 15 ⓐ ⓑ ⓚ | 23 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 8 ⓐ ⓑ ⓚ | 16 ⓐ ⓑ ⓚ | 24 ⓐ ⓑ ⓚ |

Ngayon na nalagyan mo na ng sagot ang tanong, matutulungan mo kami na mapaunlad ang kursong ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong. Mangyari lamang na sabihin sa amin ang iyong tunay na damdamin tungkol sa kursong ito. Bilugan ang titik na naghahayag ng iyong damdamin.

1 Ang mga bagay na tinukoy sa araling ito ay
a) Lubos na kawili-wili
b) kawili-wili
k) bahagyang kawili-wili.
d) hindi kawili-wili,
e) nakakawalang-gana.

2 Ako'y natuto
a) ng maraming-marami.
b) ng ilan.
k) hindi masyado.
d) ng hindi bago.

3 Ang aking natutunan ay
a) napakahalaga.
b) mahalaga.
k) hindi mahalaga.
d) pag-aaksaya ng panahon.

4 Ang mga araling ito ay
a) napakahirap.
b) mahirap.
k) madali,
d) napakadali.

5 Sa pangkalahatan, ang mga araling ito ay
a) napakahusay.
b) mahusay.
k) kainaman.
d) mahina.

6 Mangyari lamang na isulat ang isang tiyak na puna (komentario) tungkol sa mga aralin:

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Isulat dito ang anumang tanong kaugnay ng aralin na nais mong sagutin ng iyong guro.

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

*Ngayon ay muli mong tunghayan ang iyong talaan ng Mag-aaral/Papel Ng Mga Sagot 1 upang matiyak na nasagot mo na ang lahat ng mga tanong. Pagkatapos ay ibalik ito sa tanggapan ng ICI na nasa inyong pook. Ang address ay iyong makikita sa huling pahina nitong talaan ng Mag-aaral. Kung walang malapit na tanggapan ng ICI sa iyong pook, ibalik ang iyong Papel ng Mga Sagot sa address na nakalimbág dito.*

*For ICI Office Use Only*

D. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . SC. . . . . . . . . . . . . . . . . .

International Correspondence Institute
P.O. BOX 1084 MANILA, PHILIPPINES 2800